Following Jesus

Sino ba talaga si Jesus?
Ano ang tunay na Cristiano?

© Copyright 2014 Baliwag Bible Christian Church, All rights reserved.

Published by treasuringCHRIST (http://pastorderick.com)

Unless otherwise indicated, Scripture quotations are from the English Standard Version (ESV) of the Holy Bible and Magandang Balita Biblia (MBB) 2012 Edition.

Ang pag-aaral na ito ay hango sa seminar materials para sa *Explaining Christianity* ng Capitol Hill Baptist Church (http://capitolhillbaptist.org) na nasa Washington, D.C. Ito ay pinasimulan ni Michael Bennett ng Australia sa kanyang materials na pinamagatang Christianity Explained [Copyright (c) 2009 M.L.B. Bennett, Christianity Explained Ministry, 85 Ferndale Street, Annerley 4103, Brisbane, AUSTRALIA; available at http://christianityexplained.com/].

Contents

Chapter 1 – Si Jesus, ang Anak ng Diyos 4

(mga piling talata sa Marcos 1-5). Si Jesus na Anak ng Diyos ay may awtoridad bilang guro, sa kamatayan, sa masasamang espiritu, sa kalikasan, sa kasalanan, sa sakit, at sa mga tao.

Chapter 2 – Ang Kamatayan ni Jesus sa Krus..... 16

(Marcos 15:33-39). Bakit namatay si Jesus? Si Jesus ang ating kapalit, pantubos at pambayad sa kasalanan.

Chapter 3 – Ang Muling Pagkabuhay ni Jesus..... 26

(Marcos 16:1-8; Gawa 10:39-43). Si Jesus, sa kanyang muling pagkabuhay, ay nagtagumpay laban sa kasalanan at kamatayan. Tayo rin ay bubuhaying muli at hahatulan sa kabilang-buhay.

Chapter 4 – Kaligtasan Dahil sa Biyaya, Hindi sa mga Gawa ... 37

(Marcos 7:20-23; Efeso 2:8-9). Ang kaligtasan ay dahil sa biyaya ng Diyos, sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesus. Hindi ito sa pamamagitan ng gawa ng tao.

Chapter 5 – Ano ang Tunay na Cristiano? Nagsisisi 45

(Marcos 1:15; 8:34-38; 9:43-48). Ang pagsisisi ay lubusang pagtalikod sa kasalanan at pagsunod kay Cristo.

Chapter 6 – Ano ang Tunay na Cristiano? Nananampalataya ... 56

(Marcos 5:25-34; 10:13-16; Juan 5:24). Ang pananampalataya ay pananalig sa pangako ng Diyos na nakay Jesus, at pagtitiwala ng ating buong buhay sa Kanya.

Chapter 1 – Si Jesus, ang Anak ng Diyos

Sino si Jesus?

Ano ang naiisip mo kapag naririnig mo ang salitang "Christian" o "Christianity"? Karaniwang naiiisip natin ay tungkol sa isang relihiyon na iba sa ibang relihiyon tulad ng Islam o Buddhism. O kaya naman, ang iba naiiisip na ang isang Christian ay isang taong palasimba, nagbabasa ng Bibliya, nagdarasal, mabuting tao, sumusunod sa Sampung Utos, at iba pa. Bagamat maaaring totoo ang ganitong mga sagot, hindi ito ang pangunahin o primary. Christianity, first and foremost, is not about the Christian, it is primarily about Christ.

Ano ang layunin ng pag-aaral na ito? Una ay upang matutunan ang tunay na kahulugan ng pagiging Cristiano sa pamamagitan ng pagsasaliksik sa buhay, katuruan, at mga ipinapahayag ni Jesus tungkol sa kanyang sarili. Ikalawa, upang malaman ang tunay na kahulugan ng "Christianity" o ng pagiging Cristiano, o ang tamang pagtugon sa mga katotohanang ipinapahayag ni Jesus tungkol sa kanyang sarili. Ang tugong ito ay nakabatay sa tamang pagkakakilala kung sino talaga si Jesus.

Paano natin matututunan ang mga bagay patungkol kay Jesus? Nakasulat ito sa Bibliya, ito ang Salita ng Diyos. Hindi lang basta isinulat ng tao, na gawa-gawa o imbento lang. Ito ay galing mismo sa Diyos. Lahat ay totoo, at hindi ito nagkakamali. Ang buhay at katuruan ni Jesus ay nakasulat sa "Gospels" o "Magandang Balita." Mga original sources ito, isinulat ng mga nakasaksi sa buhay ni Jesus. Sa apat na Gospels, Marcos ang pinaniniwalaan ng karamihang mga Bible scholars na unang isinulat. Dito natin ibabatay ang karamihan

sa pag-aaral natin. Bukod doon, mas maikli ito at mas direkta ang itinuturo tungkol kay Jesus.

Ano ang balangkas o outline ng pag-aaral natin? Sa aralin 1-3, sasagutin natin ang tanong na, "Sino ba talaga si Jesus at ano ang ginawa niya?" Sa aralin 4-6 naman, sasagutin ang tanong na, "Ano ang tunay na Cristiano?" o "Paano ako magiging tunay na Cristiano?"

Magandang Balita

Basahin natin ang Marcos 1:1, **"Ito ang simula ng Magandang Balita tungkol kay Jesu-Cristo, ang Anak ng Diyos."** Ang Magandang Balita (gospel/good news/ebanghelyo) na tinutukoy dito ay may kinalaman kay Jesus. Dahil ito ay Magandang Balita, dapat nating marinig, at masasabik tayong marinig.

Si Jesus, Anak ng Diyos

Ano ang kahulugan ng pagiging Anak ng Diyos ni Jesus? Bukod sa nagpapakita ito ng unique na relasyon ni Jesus sa Diyos bilang Ama, nangangahulugan din ito na si Jesus ay may kapangyarihan o awtoridad (authority) bilang isang Hari. Siya ay may kapamahalaan sa lahat ng bagay tulad ng Diyos Ama. Makikita natin sa ilang mga piling kuwento sa Mark chapters 1 to 5 ang iba't ibang klaseng pagpapakita ni Jesus ng pambihirang awtoridad na ito.

1. Awtoridad ni Jesus bilang guro

Nagpunta sina Jesus sa Capernaum, at nang sumunod na Araw ng
Pamamahinga ay pumasok si Jesus sa sinagoga at nagturo. 22 **Namangha
ang mga tao sapagkat nagtuturo siya nang may kapangyarihan, hindi
tulad ng mga tagapagturo ng Kautusan**. 23 Bigla namang pumasok sa
sinagoga ang isang lalaking sinasapian ng masamang espiritu. Ito'y sumigaw,
24 "Ano ang pakay mo sa amin, Jesus na taga-Nazaret? Naparito ka ba

upang kami'y puksain? Kilala kita! Ikaw ang Banal na mula sa Diyos." 25 Ngunit iniutos ni Jesus sa masamang espiritu, "Tumahimik ka! Lumabas ka sa kanya!" 26 Pinangisay ng masamang espiritu ang lalaki at sumisigaw itong lumabas sa kanya. 27 **Ang lahat ay namangha** kaya't sila'y nagtanungan sa isa't isa, "**Paanong nangyari iyon**? Ito ay **isang kakaibang katuruan**! Makapangyarihan niyang nauutusan ang masasamang espiritu, at sumusunod naman ang mga ito sa kanya." 28 Dahil dito, mabilis na kumalat sa buong Galilea ang balita tungkol kay Jesus (Marcos 1:21-28)

Ang pagtuturo ni Jesus bilang isang Guro ay may kakaibang awtoridad, hindi gaya ng mga nakasanayan nilang mga tagapagturo ng Kautusan. Ang mga tagapagturo kasi nila noon ay inuulit lang ang mga itinuro ng mga nauna, nakabatay sa mga tradisyong pinagpasa-pasahan. Pero ang awtoridad ni Jesus ay mayroong "divine authority." Madalas niyang sinasabi sa pagtuturo ang "Sinasabi ko sa inyo…" ("I say to you…"), hindi "Sinabi nila noon…" (Pansinin mo 'to sa pagbabasa mo ng Gospel of Mark. Puwede mo ring tingnan ang Mateo 5:21-22, 27-28, 31-32, 33-35, 38-39, 43-44). Ipinapakita dito na ang awtoridad ni Jesus ay hindi galing sa mga kinikilalang tao o mga taong may mataas na katungkulan. Ito ay galing mismo sa Diyos.

Nagsasalita siya nang may awtoridad ng Diyos. Kaya lahat ng sasabihin niya ay dapat pakinggan, paniwalaan at sundin. *Anong reaksyon ng mga tao sa pagtuturo niya?* "Namangha" (verse 22 at 27) sila. Dapat lang. Pero sapat bang ganoon lang ang reaksyon nila?

2. Awtoridad ni Jesus laban sa mga masasamang espiritu

Nagpunta sina Jesus sa Capernaum, at nang sumunod na Araw ng Pamamahinga ay pumasok si Jesus sa sinagoga at nagturo. 22 Namangha ang mga tao sapagkat nagtuturo siya nang may kapangyarihan, hindi tulad ng mga tagapagturo ng Kautusan. 23 Bigla namang pumasok sa sinagoga

ang isang lalaking sinasapian ng masamang espiritu. Ito'y sumigaw, 24 "Ano ang pakay mo sa amin, Jesus na taga-Nazaret? Naparito ka ba upang kami'y puksain? Kilala kita! Ikaw ang Banal na mula sa Diyos." 25 Ngunit **iniutos ni Jesus sa masamang espiritu, "Tumahimik ka! Lumabas ka sa kanya!"** 26 Pinangisay ng masamang espiritu ang lalaki at sumisigaw itong lumabas sa kanya. 27 Ang lahat ay namangha kaya't sila'y nagtanungan sa isa't isa, "Paanong nangyari iyon? Ito ay isang kakaibang katuruan! **Makapangyarihan niyang nauutusan ang masasamang espiritu, at sumusunod naman ang mga ito sa kanya**." 28 Dahil dito, mabilis na kumalat sa buong Galilea ang balita tungkol kay Jesus (Marcos 1:21-28).

Bukod sa pagtuturo, may nakita ka pa bang ibang awtoridad na pinakita ni Jesus sa kuwentong ito? Oo, bukod doon, nagsagawa din siya ng mga himala. Sa kuwentong ito ang himala ay ang pagpapalayas ng masamang espiritung umaalipin sa isang lalaki. Ang mga himalang gaya nito ang nagpatunay at nagbigay-diin sa awtoridad ng kanyang katuruan. Pansinin mong hindi ang paggawa ng himala ang pangunahin niyang layunin, ngunit pinatutunayan ng mga himala ang mensaheng kanyang ipinangangaral.

Paano mo dapat kilalanin si Jesus sa kuwentong ito? Kung ang masamang espiritu ay kilala mismo si Jesus na "Banal na mula sa Diyos" (verse 24), mas nararapat lang na ganoon din ang pagkakilala natin sa kanya. Alam ng masamang espiritung ito na si Jesus ay may awtoridad na hatulan at parusahan ang mga gumagawa ng masama tulad ng masasamang espiritu at mga makasalanang tao na gaya nating lahat. Pero hindi ito ang layunin ni Jesus sa kanyang unang pagparito, tulad ng makikita natin sa sumunod na kuwento.

3. Awtoridad ni Jesus na magpatawad ng kasalanan

Pagkalipas ng ilang araw, bumalik si Jesus sa Capernaum at kumalat ang balitang siya'y nasa bahay. 2 Nagkatipon doon ang napakaraming tao,

kaya't halos wala nang mapwestuhan kahit sa labas ng pintuan. Habang nangangaral si Jesus, 3 may dumating na apat na taong may dalang isang paralitiko. 4 Hindi nila mailapit ang paralitiko kay Jesus dahil sa dami ng tao, kaya't binakbak nila ang bubong sa tapat niya at ibinabâ ang paralitikong nakaratay sa higaan. 5 Nang makita ni Jesus kung gaano kalaki ang kanilang pananampalataya, sinabi niya sa paralitiko, **"Anak, pinatawad na ang mga kasalanan mo."** 6 May nakaupo roong ilang tagapagturo ng Kautusan na nag-isip nang ganito: 7 "Bakit siya nagsasalita nang ganoon? **Nilalapastangan niya ang Diyos! Hindi ba't ang Diyos lamang ang makakapagpatawad ng kasalanan?"** 8 Alam ni Jesus ang kanilang iniisip kaya't sinabi niya agad, "Bakit kayo nag-iisip nang ganyan? 9 Alin ba ang mas madali, ang sabihin sa paralitiko, 'Pinapatawad na ang mga kasalanan mo,' o ang sabihing, 'Tumayo ka, bitbitin mo ang iyong higaan at lumakad ka'? 10 Ngunit upang malaman ninyo na **ang Anak ng Tao ay may kapangyarihan dito sa lupa na magpatawad ng mga kasalanan**…" sinabi niya sa paralitiko, 11 "Tumayo ka, buhatin mo ang iyong higaan, at umuwi ka na!" 12 Tumayo nga ang paralitiko habang nakatingin ang lahat. Kaagad niyang binuhat ang kanyang higaan at umalis, kaya ang lahat ng naroroon ay namangha. Sila ay nagpuri sa Diyos at sinabi nila, "Kailanma'y hindi pa kami nakakita ng ganito" (Marcos 2:1-12)!

Kapansin-pansin sa kuwentong ito na bago pagalingin ni Jesus ang sakit ng lalaking paralitiko ay pinatawad niya muna ang kasalanan nito. *Ano ang pinakikita niya dito tungkol sa pinakamahalagang layunin niya sa kanyang pagparito?* Ipinapakitang higit na mainam at ang prayoridad ni Jesus ay ang mapatawad ang ating mga kasalanan. Ang espirituwal na kalagayan natin ang mas malaking problema ng tao, higit pa sa pisikal na karamdaman.

Ano ba ang kasalanan at ano ang malaking problema dito? Ang kasalanan ay anumang saloobing lumalaban o nagrerebelde sa Diyos at sa kanyang mga salita sa pamamagitan ng ating gawa, salita at mga iniisip. At ito ang problema nating lahat. Tayo ay hindi lang basta

nagkamali o imperfect, tayo ay mga rebeldeng nararapat lamang na maparusahan. "Walang matuwid, wala kahit isa…Walang gumagawa ng mabuti, wala kahit isa…lahat ay nagkasala, at walang sinumang nakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos" (Roma 3:10, 12, 23). "Kamatayan [o walang hanggang pagkakahiwalay sa Diyos at pagdanas ng kanyang kaparusahan sa impiyerno] ang kabayaran ng kasalanan" (Roma 6:23).

Ang mabuting balita, may kapangyarihan si Jesus na mapatawad ang mga kasalanan natin. Sabi niya sa paralitiko, "Anak, pinatawad na ang mga kasalanan mo" (verse 5). *Sa pamamagitan ng mga salitang ito, ano ang nais sabihin ni Jesus sa mga tao?* Hindi ba't ang Diyos lang ang nagpapatawad? Alam iyon ng mga taong nakarinig kay Jesus. Kaya nga pinaratangan siya ng paglapastangan sa Diyos. Pero hindi siya lumalapastangan sa Diyos kung totoo ang sinasabi niya. "Ang Anak ng Tao ay may kapangyarihan dito sa lupa na magpatawad ng mga kasalanan…" (verse 10). Ang sinabi niyang ito ay totoo dahil hindi lang siya tao, kundi siya rin ay Diyos. Inaangkin ni Jesus na siya ay Diyos at pinatutunayan ang pag-angkin na ito sa pamamagitan ng kanyang mga gawa, tulad ng ginawa niya sa pagpapagaling sa paralitiko.

4. Awtoridad ni Jesus na magpagaling ng anumang sakit

Pagkalipas ng ilang araw, bumalik si Jesus sa Capernaum at kumalat ang balitang siya'y nasa bahay. 2 Nagkatipon doon ang napakaraming tao, kaya't halos wala nang mapwestuhan kahit sa labas ng pintuan. Habang nangangaral si Jesus, 3 may dumating na apat na taong may dalang isang paralitiko. 4 Hindi nila mailapit ang paralitiko kay Jesus dahil sa dami ng tao, kaya't binakbak nila ang bubong sa tapat niya at ibinabâ ang paralitikong nakaratay sa higaan. 5 Nang makita ni Jesus kung gaano kalaki ang kanilang pananampalataya, sinabi niya sa paralitiko, "Anak, pinatawad

na ang mga kasalanan mo." 6 May nakaupo roong ilang tagapagturo ng Kautusan na nag-isip nang ganito: 7 "Bakit siya nagsasalita nang ganoon? Nilalapastangan niya ang Diyos! Hindi ba't ang Diyos lamang ang makakapagpatawad ng kasalanan?" 8 Alam ni Jesus ang kanilang iniisip kaya't sinabi niya agad, "Bakit kayo nag-iisip nang ganyan? 9 Alin ba ang mas madali, ang sabihin sa paralitiko, 'Pinapatawad na ang mga kasalanan mo,' o ang sabihing, 'Tumayo ka, bitbitin mo ang iyong higaan at lumakad ka'? 10 Ngunit upang malaman ninyo na ang Anak ng Tao ay may kapangyarihan dito sa lupa na magpatawad ng mga kasalanan…" **sinabi niya sa paralitiko,** 11 **"Tumayo ka, buhatin mo ang iyong higaan, at umuwi ka na!"** 12 **Tumayo nga ang paralitiko habang nakatingin ang lahat.** Kaagad niyang binuhat ang kanyang higaan at umalis, kaya ang lahat ng naroroon ay namangha. Sila ay nagpuri sa Diyos at sinabi nila, **"Kailanma'y hindi pa kami nakakita ng ganito"** (Marcos 2:1-12)!

Bukod sa kuwentong ito, may 43 pang mga kuwento sa Biblia na katulad nito na paggawa ni Jesus ng himala. *Ano ang gusto niyang patunayan sa pamamagitan ng mga kuwentong gaya nito?* Ang mga himalang gaya nito ay nagpapatunay na ang kanyang mensahe (message) ay totoo at ang kanyang sinasabi tungkol sa kanyang sarili (identity) ay totoo rin.

Paano mo nakita ang pambihirang awtoridad ni Jesus sa pagpapagaling? Sa pamamagitan lang ng salita niya, sinabi niya lang, gumaling na. Mabisa, makapangyarihan at may awtoridad ang kanyang mga salita. Ito (at iba pang mga himala) ang ipinakita ni Jesus na patunay sa kanyang awtoridad na magpatawad ng kasalanan! *Anong reaksyon ulit ng mga tao?* "Namangha" (verse 12) na naman! Pero iyon lang ba ang gusto ni Jesus na maging tugon natin?

5. Awtoridad ni Jesus sa kalikasan

Kinagabiha'y sinabi ni Jesus sa mga alagad, "Tumawid tayo sa ibayo." 36 Kaya't iniwan nila ang mga tao at sumakay sila sa bangkang sinasakyan ni

Jesus upang tumawid ng lawa. May iba pang mga bangkang nakisabay sa kanila. 37 Habang naglalayag, inabot sila ng malakas na bagyo kaya't ang bangkang sinasakyan nila'y hinampas ng malalaking alon at ito'y halos mapuno na ng tubig. 38 Si Jesus ay natutulog noon sa may hulihan ng bangka, nakahilig sa isang unan. Ginising siya ng mga alagad at sinabi, "Guro, bale-wala ba sa inyo kung mapahamak kami?" 39 **Bumangon si Jesus at sinaway ang hangin, "Tigil!" at sinabi sa lawa, "Tumahimik ka!" Tumigil nga ang hangin at tumahimik ang lawa.** 40 Pagkatapos, sinabi niya sa mga alagad, "Bakit kayo natatakot? Hanggang ngayon ba'y wala pa rin kayong pananampalataya?" 41 Natakot sila nang labis at namangha. Sabi nila sa isa't isa, **"Anong klaseng tao ito? Pati hangin at lawa ay sumusunod sa kanya"** (Marcos 4:35-41)!

Paano mo nakita ang pambihirang awtoridad ni Jesus sa kuwentong ito? Pinatigil ni Jesus ang bagyo! Sa isang salita lang niya, sumunod sa kanya ang kalikasan. *Ano ang itinuturo nito sa atin tungkol kay Jesus?* Si Jesus ay hindi ordinaryong tao. Pati mga kasama niyang nakakita ay napaisip at natakot sa nakita nila. Tanging ang Diyos lang ang may kontrol at nakakapagpasunod sa kalikasan dahil siya ang lumikha nito at nasa ibabaw nito. Nagpapatunay itong si Jesus ay kapantay ng Diyos! Hindi nag-iisa ang kuwentong ito na nagpapatunay ng kontrol ni Jesus sa kalikasan. Lumakad siya sa ibabaw ng tubig (Mateo 14:25; Juan 6:19), naparami niya ang dalawang pirasong isda at limang pirasong tinapay para mapakain ang limanlibo (bilang pa lang ng mga lalaki iyon!) (Marcos 6:41-44), at ginawa niyang alak ang tubig (Juan 2:1-11).

Kung ganitong klase ang kapangyarihan ni Jesus, anong pagkilala at pagsunod ang nararapat mong gawing pagtugon? Pag-isipan mong mabuti iyan.

6. Awtoridad ni Jesus sa kamatayan

Si Jesus ay sumakay sa bangka at bumalik sa kabilang ibayo. Nasa baybayin pa lamang siya ng lawa ay dinumog na siya ng napakaraming tao. 22 Naroon din ang isang tagapamahala ng sinagoga na ang pangalan ay Jairo. Pagkakita kay Jesus, siya'y lumuhod sa paanan nito 23 at nagmakaawa, "Nag-aagaw-buhay po ang anak kong dalagita. Maawa po kayo, sumama kayo sa akin at ipatong ninyo sa kanya ang inyong kamay upang siya ay gumaling at mabuhay!" 24 Sumama naman si Jesus. Ngunit sumunod din sa kanya ang napakaraming tao, kaya't halos maipit na siya…35 Habang nagsasalita pa si Jesus, may ilang taong dumating mula sa bahay ni Jairo. "**Patay na po ang inyong anak**. Huwag na po ninyong abalahin ang Guro," sabi nila. 36 Ngunit nang marinig ito ni Jesus, sinabi niya kay Jairo, "Huwag kang matakot; manampalataya ka lamang." 37 At hindi pinayagan ni Jesus na sumama sa kanya ang mga tao maliban kina Pedro at ang magkapatid na Santiago at Juan. 38 Nang dumating sila sa bahay ni Jairo, nakita ni Jesus na nagkakagulo ang mga tao, may mga nag-iiyakan at nananaghoy. 39 Pagpasok niya ay kanyang sinabi, "Bakit kayo nagkakagulo at nag-iiyakan? **Hindi patay ang bata. Siya'y natutulog lamang**." 40 Dahil sa sinabi niya, pinagtawanan siya ng mga tao. Subalit pinalabas niya ang lahat maliban sa tatlong alagad at sa mga magulang ng bata, at pumasok sila sa kinaroroonan ng bata. 41 **Hinawakan ni Jesus ang kamay ng bata at sinabi, "Talitha koum," na ang ibig sabihi'y "Ineng, bumangon ka!"** 42 **Noon di'y bumangon ang bata at lumakad, at labis na namangha ang lahat.** Ang batang ito'y labindalawang taong gulang na. 43 Mahigpit na ipinagbilin ni Jesus na huwag nilang sasabihin kaninuman ang nangyari. Pagkatapos, iniutos niyang bigyan ng makakain ang bata (Marcos 5:21-24, 35-43).

Anong pambihirang kapangyarihan ang ipinakita dito ni Jesus? Binuhay ni Jesus ang anak na babae ni Jairo. Ginawa niya ito sa pamamagitan lang ng kanyang salita. Ginawa din niya ito kay Lazaro na kapatid nina Marta at Maria (Juan 11). Nagpapaalala ito ng kapangyarihang Diyos lang ang mayroon. Sa pasimula, sa

pamamagitan ng salita niya, nalikha ang lahat at nagkaroon ng buhay ang mga hayop, mga halaman at mga tao. Siya rin ang may kapangyarihang bumawi nito at magbigay nitong muli. Ginawa ito ni Jesus! Siya ay Diyos! Ang kapangyarihan niya laban sa kamatayan ay isa pang pagpapakita ng kanyang awtoridad bilang Diyos.

Darating ang araw ikaw rin ay mamamatay, anong pag-asa ang ibinibigay sa iyo ng kuwentong ito tungkol sa kapangyarihan ni Jesus?

7. Awtoridad ni Jesus sa buhay ng mga tao

Habang naglalakad si Jesus sa tabi ng Lawa ng Galilea, nakita niya ang magkapatid na Simon at Andres na nanghuhuli ng isda sa pamamagitan ng lambat. Sila'y kapwa mga mangingisda. 17 Sinabi ni Jesus sa kanila, **"Sumunod kayo sa akin at kayo'y gagawin kong mangingisda ng mga tao."** 18 **Pagkasabi niya nito'y agad iniwan ng magkapatid ang kanilang mga lambat at sumunod sa kanya.** 19 Nagpatuloy siya sa paglalakad, at sa di-kalayuan ay nakita naman niya ang magkapatid na Santiago at Juan, na mga anak ni Zebedeo. Sila'y nasa kanilang bangka at nag-aayos ng mga lambat. 20 **Tinawag din sila agad ni Jesus at sila ay sumunod din sa kanya.** Iniwan nila sa bangka ang kanilang ama na kasama ang kanilang mga upahang manggagawa (Marcos 1:16-20).

Kung si Jesus ay may awtoridad sa lahat – sa mga masasamang espiritu, sa pagpapatawad ng kasalanan, sa pagpapagaling ng anumang karamdaman, na magpasunod ng kalikasan, at sa kamatayan – ibig sabihin mayroon din siyang awtoridad o kapamahalaan sa buhay mo. Kaya nang tawagin niya ang mga mangingisdang ito, sumunod sila agad at iniwan ang lahat. Ito ang pagtawag ni Jesus sa lahat ng mga tao. Ito ang ibig sabihin ng pagiging Christian o disciple. Ang disciple ay isang learner, estudyante ng Panginoong Jesus. Kung sina Simon (Pedro) ay tinawag para sumunod sa kanya at akayin din ang ibang sumunod sa

kanya ("mangingisda ng mga tao"), ganoon din ang pagkakatawag sa atin.

Bilang Anak ng Diyos, mayroon siyang karapatang magmay-ari sa ating buhay. Siya ang nagbigay ng buhay sa atin, siya ang may-ari nito. Sa kanya natin dapat ipagkatiwala ang buhay natin. Ang ibang tao tumatanggi sa panawagang ito. Ngunit nananawagan siyang magpasailalim tayo sa awtoridad o kapangyarihan ni Jesus, ang Anak ng Diyos. *Susunod ka ba kay Jesus (to be his disciple)? Aakayin mo din ba ang iba na sumunod sa kanya (to be a disciple-maker)?*

Buod

Sa pag-aaral na ito, nakita natin na (1) *Si Jesus ay may awtoridad at kapamahalaan na higit sa lahat.* Ipinapakita ni Jesus ang kanyang awtoridad at ang kanyang pagiging Diyos sa maraming paraan; (2) *Inaangkin ni Jesus sa sarili niya na siya ay Diyos.* Ang pagiging Diyos ni Cristo ay hindi gawa-gawa lamang ng mga tao. Ito mismo ay pinatunayan ni Jesus; at (3) *Mayroon tayong pagtugon na dapat gawin.* Kailangan mong magpasya at sagutin ang tanong na, "Sino si Jesus? Siya ba ay Panginoon, sinungaling, o baliw? Wala nang iba pang pamimilian.

Dapat kang mamili: Kung si Jesus ay siya ngang Anak ng Diyos; o kung hindi naman ay isang sira-ulo o mas malala pa. Maaaring tawagin mo siyang hangal, duraan at patayin bilang isang demonyo, o kaya naman ay magpatirapa sa kanyang paanan at tawagin siyang Panginoon at Diyos. Ngunit huwag na huwag nating tatangkilikin ang sinasabi ng ilan na siya ay dakilang guro lamang na tulad din ng isang tao. Hindi niya tayo binigyan ng ganyang klaseng pamimilian. Hindi niya hinangad 'yan (C.S. Lewis, *Mere Christianity*).

Sino si Jesus ngayon para sa iyo? Paano kung si Jesus ay tao lang

at hindi Diyos (tulad ng pinaniniwalaan ng ibang relihiyon tulad ng mga Muslim at ng sektang *Iglesia ni Cristo*), ano ang magiging epekto o implication nito? Kung si Jesus ay tunay na Diyos (tulad ng napag-aralan nating itinuturo ng Salita ng Diyos), anong klaseng pagsunod ang dapat na maging tugon mo?

Upuang tatlo ang paa

Isipin mong ang pagiging Cristiano o disciple (tagasunod ni Jesus) ay pag-upo sa upuang tatlo ang paa. Ang unang paa ay ang katotohanang napag-aralan natin ngayon: Si Jesus, ang Anak ng Diyos. Ang natitirang dalawang paa ay pag-aaralan natin sa susunod.



Pansariling pag-aaral

Basahin mong mabuti ang Marcos 1-5. Ilista ang mga natutunan mo tungkol kay Jesus sa mga nabasa mo. Ilista rin ang mga bagay na gusto mong itanong tungkol sa mga nabasa mo.

Chapter 2 – Ang Kamatayan ni Jesus sa Krus

Pinakamahalaga sa Kasaysayan

Ano ang pinakamahalagang pangyayari sa nakaraang isang daang taon? Maaaring sabihin mo na pinakamahalaga ang World War II o kaya ay ang EDSA Revolution o ang 9/11 (pag-atake ng mga terorista sa World Trade Center sa US) o ang globalization. *Sa nakaraang isang libong taon?* Maaaring sabihin mo na pinakamahalaga ang time ng Reformation o ang pagkaimbento ng printing press o ang pagkaimbento ng Internet. *Sa buong kasaysayan?* Ayon sa itinuturo ng Bibliya, ang Salita ng Diyos, pinakamahalagang pangyayari sa buong kasaysayan ang pagkapako sa krus ni Jesus at ang kanyang muling pagkabuhay. Sa pag-aaral natin ngayon, titingnan natin kung bakit iyon ang pinakamahalaga hindi lang sa kasaysayan, kundi sa buhay natin mismo.

Kasama ito sa layunin ng pag-aaral natin na matutunan ang tunay na kahulugan ng pagiging Cristiano sa pamamagitan ng pagtingin sa buhay, katuruan, at mga ipinahayag ni Jesus tungkol sa kanyang sarili. Magpapatuloy tayo sa pagtingin sa original source para makilala natin si Jesus. Nagsimula na tayo sa Gospel of Mark at nakita nating ang isinulat niya ay "Magandang Balita tungkol kay Jesu-Cristo, ang Anak ng Diyos" (1:1). Sa nakaraang aralin, pinagtuunan natin ng pansin kung ano ang ibig sabihin ng kanyang pagiging Anak ng Diyos at ano ang kinalaman nito sa buhay natin. Napag-aralan natin ang tungkol sa pagiging Diyos ni Jesus at ang kanyang awtoridad sa pagtuturo, sa pagpapagaling ng anumang sakit, sa pagpapatawad ng kasalanan, sa pagpapalayas sa masasamang

espiritu, sa pagkontrol sa kalikasan, sa pagbibigay ng buhay mula sa kamatayan, at sa pamamahala sa buhay ng mga tao.

Mahalaga para sa atin na makilala kung sino si Jesus (*his identity*), na siya'y Anak ng Diyos at may kapangyarihang kapantay ng Diyos. Pero mahalaga ring malaman natin kung ano ang kanyang ginawa (*his works*) para sa atin. Ang kanyang ginawa sa krus at ang kanyang muling pagkabuhay ay kritikal sa pag-unawa sa paniniwala ng mga Cristiano. Ito ang nasa sentro. Ito ang pundasyon. Ito ang bumago sa takbo ng kasaysayan ng mundo. Ito rin ang babago sa takbo ng buhay mo. Ganyan kahalaga ang pag-aaralan natin.

Pag-aaralan natin ngayon ang tungkol sa kanyang kamatayan, at sa susunod ay ang tungkol sa kanyang muling pagkabuhay. Tandaan mong inihahalintulad natin ang pagiging Cristiano o pagsunod kay Jesus sa pag-upo sa upuang tatlo ang paa. Ang unang paa ay ang pagiging Anak ng Diyos ni Jesus. Ang ikalawa naman ay ang kanyang ginawa para sa atin sa kanyang kamatayan sa krus.

Ang Pagkapako sa Krus (*The Crucifixion*)

Para lubos nating maunawaan ang kanyang ginawa sa krus at bago natin basahin kung ano ang nangyari noon, balikan muna natin ang nakaraang pinag-aralan natin tungkol sa kasalanan. *Ano ang kahulugan ng "kasalanan"?* Ito ay pagrerebelde o pagsuway laban sa Diyos, sa isip, sa salita, o gawa. Ito ay paglabag sa Kautusan ng Diyos. Ito ay hindi pagsunod o pagsang-ayon (*conformity*) sa kagustuhan ng Diyos. Ito ang pinakamalaking problema nating mga tao. Ito ang problemang ugat ng lahat ng mga problemang nararanasan natin ngayon. Ito ang malaking hadlang sa relasyon natin sa Diyos na banal, kaya tayo nalayo at di makalapit sa kanya.

Ano naman ang "pagkapako sa krus" o "crucifixion"? Sa panahon natin ngayon, kapag nakakakita tayo ng krus, ang akala natin ay para lang itong simbolo sa simbahan at dekorasyon o palamuti sa damit at kuwintas. Pero dapat nating maunawaan na noong unang siglo (1st century), sa panahon ni Jesus na mga Romano ang namamahala sa mga Judio, ang krus ay karumal-dumal, nakakahiya at nakakababang paraan na ginagamit ng mga Romano upang parusahang mamatay nang dahan-dahan ang pinakamasamang kriminal. Ang pagpatay ay brutal, at matagal na pinahihirapan ang isang kriminal hanggang mamatay. Hindi lang parang electric chair o lethal injection tulad ng death sentence sa panahon ngayon. This is death by torture.

Ang Kahalagahan ng Krus – Bakit Namatay si Jesus?

Sa daang-daang mga kriminal na pinatay sa krus sa panahon ng mga Romano, kakaiba ang sinapit ni Jesus. Unang-una na ay dahil wala siyang kasalanan. Ang ipinaratang sa kanya ng mga kaaway niya ay walang sapat at matibay na ebidensiya. Pero sa kabila noon, itinakda itong mangyari ng Diyos. Ang tanong, bakit? Nang siya'y mamatay, mayroong apat na pangyayaring magbibigay sa atin ng ideya kung gaano kahalaga ang ginawa niya para sa atin – ang pagdilim, ang pagsigaw niya, ang pagkapunit ng tabing sa templo, at ang pagtubos.

1. Ang kadiliman

Nagdilim sa buong lupain mula sa tanghaling tapat hanggang sa ikatlo ng hapon. 34 Nang ikatlo na ng hapon, sumigaw si Jesus, "Eloi, Eloi, lema sabachthani?" na ang kahulugan ay, "Diyos ko, Diyos ko, bakit mo ako pinabayaan?" 35 Narinig ito ng ilan sa mga nakatayo roon at kanilang sinabi, "Pakinggan ninyo, tinatawag niya si Elias!" 36 May tumakbo upang kumuha ng isang espongha; ito'y binasa ng maasim na alak, inilagay sa dulo

ng isang patpat at ipinasipsip kay Jesus. "Tingnan nga natin kung darating si Elias upang iligtas siya," sabi niya. 37 Sumigaw nang malakas si Jesus at pagkatapos ay nalagutan ng hininga. 38 At napunit sa gitna ang tabing ng Templo, mula sa itaas hanggang sa ibaba. 39 Nakatayo sa harap ng krus ang opisyal ng mga kawal. Nang makita kung paano namatay si Jesus, sinabi niya, **"Tunay ngang Anak ng Diyos ang taong ito"** (Marcos 15:33-39)!

Ano ang nangyari sa verse 33? Nagdilim sa paligid kahit hindi pa gabi. Tanghaling tapat noon (sa literal na salin ito ay "ika-anim na oras" o "sixth hour", alas sais kasi ng umaga nagsisimula ang araw ng mga Judio).

Ano ang kahalagahan ng kadilimang ito? Hindi ito pangkaraniwan (supernatural). Ibig sabihin, may gustong ipahayag ang Diyos sa pamamagitan nito. Ang kadiliman ay kumakatawan sa kasalanan ng tao. Tinalikuran natin ang Diyos na siyang nagbibigay sa atin ng liwanag, tinalikuran ng mga tao si Jesus na siyang "ilaw ng mundo" (Juan 8:12; 9:5). Ang kadiliman din ay nagpapahayag ng pagkawala ng mahabaging presensiya ng Diyos. Sa panahong ito, sinadya ng Diyos na talikuran ang kanyang Anak para sa atin. Para makilala at makita natin nang malinaw kung sino talaga si Jesus. Tulad ng Romanong opisyal ng mga kawal (Roman centurion), nang makita niya ang nangyari kay Jesus, nasabi niya, "Tunay ngang *Anak ng Diyos* ang taong ito!" (v. 39). Hindi ba't ganito ang nais ng Diyos na pagkakilala natin kay Jesus? "Ito ang simula ng Magandang Balita tungkol kay Jesu-Cristo, *ang Anak ng Diyos*" (1:1). Mula simula hanggang dulo ng Gospel of Mark, ipinapakilala ng Diyos si Jesus bilang Anak ng Diyos.

Pero kung siya'y Anak ng Diyos, bakit siya tinalikuran ng Diyos sa mga oras na ito at hinayaang mamatay sa krus na parang isang hayop na kinatay? Makikita natin ang sagot sa kanyang ginawang

pagsigaw bago siya mamatay.

2. Ang sigaw ni Jesus…at kamatayan

Nagdilim sa buong lupain mula sa tanghaling tapat hanggang sa ikatlo ng hapon. 34 Nang ikatlo na ng hapon, **sumigaw si Jesus**, "Eloi, Eloi, lema sabachthani?" na ang kahulugan ay, **"Diyos ko, Diyos ko, bakit mo ako pinabayaan?"** 35 Narinig ito ng ilan sa mga nakatayo roon at kanilang sinabi, "Pakinggan ninyo, tinatawag niya si Elias!" 36 May tumakbo upang kumuha ng isang espongha; ito'y binasa ng maasim na alak, inilagay sa dulo ng isang patpat at ipinasipsip kay Jesus. "Tingnan nga natin kung darating si Elias upang iligtas siya," sabi niya. 37 **Sumigaw nang malakas si Jesus at pagkatapos ay nalagutan ng hininga.** 38 At napunit sa gitna ang tabing ng Templo, mula sa itaas hanggang sa ibaba. 39 Nakatayo sa harap ng krus ang opisyal ng mga kawal. Nang makita kung paano namatay si Jesus, sinabi niya, "Tunay ngang Anak ng Diyos ang taong ito" (Marcos 15:33-39)!

Ang kinahantungang kamatayan ni Jesus ay hindi isang kabiguan, kundi katuparan ng layunin ng kanyang pagparito sa mundo. Naparito siya upang maglingkod, ialay ang kanyang buhay at mamatay bilang kapalit o kahalili (*substitute*) natin. Mas makikita natin ito nang malinaw sa pang-apat na puntos.

Sumigaw si Jesus, "Diyos ko, Diyos ko, bakit mo ako pinabayaan (v. 34). Bago siya malagutan ng hininga, sumigaw pa siya nang malakas (v. 37). Ang kanyang sigaw ay nagpapakita ng tindi ng sakit na naramdaman niya bago siya mamatay. Hindi lang ito pisikal na sakit, kundi sakit na dulot ng pansamantalang pagtalikod sa kanya ng Diyos. Dinala niya ang bigat ng parusa na nararapat para sa atin. Tayo ang nararapat talikuran at itakwil ng Diyos. Tayo ang nararapat hatulan ng kamatayan at tumanggap ng poot ng Diyos dahil sa ating mga kasalanan. Pero bakit ang walang kasalanan ang umako ng parusang iyon para sa atin?

Sa Lumang Tipan, ang paghahandog ng dugo ng mga hayop para sa kasalanan ay pansamantala lamang. Ito ang nagiging kahalili nila at siyang umaako ng kanilang kasalanan para sila ay mapatawad ng Diyos. Kaya paulit-ulit nila itong ginagawa. Pero si Jesus ang tunay o permanenteng handog para sa kasalanan. Ang kanyang kamatayan ay minsanan lang, hindi na mauulit. Ang kanyang kamatayan ay sapat na pambayad sa kasalanan ng lahat, wala na tayong maidadagdag at dapat na idagdag sa natapos na niyang ginawa para sa atin.

Sa kamatayan ni Jesus, binayaran niya ang malaking pagkakautang natin sa Diyos na mababayaran lang natin kung magdurusa tayo nang walang hanggan sa impiyerno. Tinakpan ng dugo ni Jesus ang kapintasang naghihiwalay sa atin sa kabanalan ng Diyos. Itinama ni Jesus ang ating napakalaking pagkakamali para makaharap tayo nang matuwid sa Diyos. Sa kanyang kamatayan, inako niya ang kasalanan natin, para matanggap naman natin ang kaligtasan.

Isipin mong may hawak akong dalawang aklat – isa sa kaliwang kamay ko at isa sa kanan. Ang aklat na ito na nasa kanang kamay ko ay kumakatawan sa istorya ng iyong buhay. Nakasulat dito ang lahat ng pangyayari kung kailan nilabag mo ang alinman sa mga utos ng Diyos sa gawa, salita, o isip. Obvious naman na maraming pahina sa aklat na ito ang marumi. Maraming pahina na marumi. Ikaw ito. At ang kisame ay ang Diyos. Sa pagitan natin at ng Diyos ay ang mga nakasulat na utang na laban sa atin (Col. 2:14). Ang kasalanan natin ang naghiwalay sa atin sa Diyos. Ang problema - mapagmahal ang Diyos ngunit siya rin ang makatarungang Hukom. Namumuhi sa kasalanan, kaya dapat lang na parusahan tayo. Guilty tayo, maysala at

nasa ilalim ng hatol.

Ang nasa kaliwang kamay ko naman ay kumakatawan kay Jesus. Nakalista dito ang kanyang ganap na pagsunod sa Diyos. Wala siyang kasalanan kahit isa. Lahat ng ginawa niya ay nakalulugod sa Diyos. Sa krus, pinasan niya ang ating kasalanan bilang kahalili (*substitute*) natin at parang naging pinakamakasalanang tao na nakita ng mundo. Pinatay ng Diyos ang kanyang Anak! Sa mga taong nagsisisi sa kanilang kasalanan, ang kanyang kasalanan ay inililipat kay Cristo. Isipin mo ngayong ang hawak ko sa kanan ay inililipat ko sa kaliwa. At ang katuwiran (*righteousness*) ni Cristo ay inililipat sa kanila. Ang nasa kaliwa ko naman ay inililipat sa kanan. Sila ngayon ay pinatawad na, nakipagkasundo na sa Diyos.

Pinatawad niya ang ating mga kasalanan at pinawalang-bisa ang lahat ng naisulat na alituntunin laban sa atin, pati ang mga pananagutang kaugnay nito. Pinawi niya ang lahat ng ito nang ipako siya sa krus (Colosas 2:13-14).

Hindi nagkasala si Cristo, ngunit dahil sa atin, siya'y itinuring na makasalanan upang sa pamamagitan niya ay maging matuwid tayo sa harap ng Diyos (2 Corinto 5:21).

Dumating si Jesus bilang Tagapagligtas sa pamamagitan ng pag-ako sa kasalanan natin at pagbayad ng utang na 'di natin mababayaran. Ang kanyang sigaw na "Diyos ko, Diyos ko, bakit mo ako pinabayaan?" ay tanda ng pansamantalang pagkakahiwalay niya sa kanyang Ama dahil sa mga kasalanan nating dala-dala niya. Dahil sa ginawa niya, malaya na ngayon tayong makalalapit sa Diyos, tulad ng ipinapakita ng pangatlong pangyayari.

3. Ang pagkapunit ng tabing ng templo

Nagdilim sa buong lupain mula sa tanghaling tapat hanggang sa ikatlo ng

hapon. 34 Nang ikatlo na ng hapon, sumigaw si Jesus, "Eloi, Eloi, lema sabachthani?" na ang kahulugan ay, "Diyos ko, Diyos ko, bakit mo ako pinabayaan?" 35 Narinig ito ng ilan sa mga nakatayo roon at kanilang sinabi, "Pakinggan ninyo, tinatawag niya si Elias!" 36 May tumakbo upang kumuha ng isang espongha; ito'y binasa ng maasim na alak, inilagay sa dulo ng isang patpat at ipinasipsip kay Jesus. "Tingnan nga natin kung darating si Elias upang iligtas siya," sabi niya. 37 Sumigaw nang malakas si Jesus at pagkatapos ay nalagutan ng hininga. 38 **At napunit sa gitna ang tabing ng Templo, mula sa itaas hanggang sa ibaba.** 39 Nakatayo sa harap ng krus ang opisyal ng mga kawal. Nang makita kung paano namatay si Jesus, sinabi niya, "Tunay ngang Anak ng Diyos ang taong ito" (Marcos 15:38-39)!

Sa loob ng Templo, may dalawang espesyal na kuwarto. Mas malaki ang nasa bungad, malapit sa pintuan, tinatawag itong *Holy Place* (Banal na Lugar). Mas maliit ang nasa bandang loob, tinatawag itong *Most Holy Place* (Pinakabanal na Lugar). Ang lugar na ito ay sumisimbolo sa lugar na pinananahanan ng presensiya ng Diyos. Minsan lang sa isang taon makakapasok ang Punong Pari (*High Priest*) sa lugar na ito, sa *Day of Atonement*, para maghandog para sa kasalanan ng buong bayan. Sa pagitan ng dalawang kuwartong ito ay may tabing o kurtinang naghihiwalay. Sumisimbolo ito sa pagkakahiwalay ng makasalanang tao sa banal na Diyos, at hindi tayo basta-basta makalalapit sa kanya. (Kung gusto mo pang matutunan ang tungkol sa Templo at makita kung anong itsura nito noong panahon ni Jesus, tingnan ang isinulat ni Justin Taylor tungkol dito, "What did the Temple Look Like in Jesus' Time?" sa http://bit.ly/1sTXhqx.)

Kung gayon, ano ngayon ang mensahe sa atin ng Diyos nang mahati ang tabing o kurtinang ito sa Templo? Ang pagkapunit nito ay simbolo ng bagong karapatang ibinigay sa atin ng Diyos na makalapit sa kanya sa pamamagitan ng kamatayan ni Jesus. Hindi na natin

kailangan ang iba pang handog o anumang gagawin natin para makalapit sa kanya. Sapat na ang ginawa ni Jesus sa krus. Makikita rin natin ito sa pang-apat na pangyayari.

4. Ang ating katubusan (ransom)

"Sapagkat ang Anak ng Tao ay naparito hindi upang paglingkuran kundi upang maglingkod at upang mag-alay ng kanyang buhay para sa ikatutubos ng marami" (Marcos 10:45).

Ano ang "katubusan" o "pantubos"? Tinutukoy nito ang kabayaran upang makuha muli ang isang bagay o isang taong nawala, nabihag, o inalipin. Sa panahon ng mga Romano, tinutubos ang mga alipin. Kung sino ang tumubos, sa kanya na ang pagmamay-ari ng alipin, malaya na siya sa dating nagmamay-ari sa kanya. Sa Bibliya, ang tao ay isinasalarawan bilang alipin ng kasalanan. Sabi ni Jesus, "Ang namumuhay sa kasalanan ay alipin ng kasalanan" (Juan 8:34). Nakatali't nakagapos tayo sa kasalanan, hindi tayo makalalaya maliban na lang kung may magpapalaya sa atin. Galit ang Diyos sa kasalanan at dahil sa kanyang pag-ibig sa atin, nais niyang makalaya tayo kaya binili niya ang ating kalayaan sa pamamagitan ng kamatayan ng kanyang Anak.

Ito ang pag-asa at kagalakan ng isang Cristiano. Binili ng Diyos ang hindi natin mababayaran sa pamamagitan ng pantubos na si Jesus.

Buod

Mahalaga ang Krus dahil dito pinarusahan ng Diyos ang kasalanan. Ngunit hindi tayo ang nagbayad, kundi si Jesus, ang pumalit sa atin. Hindi ibig sabihin na "automatic" ay nasa atin na lahat ang kabayarang ito. Ito lamang ay malilipat para sa mga nagsisi

sa kanilang kasalanan, tumalikod dito, at nagtiwala kay Jesus. Kung hindi mo tatanggapin si Jesus, parang sinasabi mo na rin sa Diyos na, "Ako na ang magdadala ng parusa ng aking kasalanan." At sa kamatayan natin, haharap tayo sa Diyos at tatanggapin ang makatarungang parusa sa kasalanan natin, ang walang hanggang apoy sa impiyerno.

Upuang tatlo ang paa

Isipin mong ang pagiging Cristiano o disciple (tagasunod ni Jesus) ay pag-upo sa upuang tatlo ang paa. Ang unang paa ay ang katotohanang napag-aralan natin noong nakaraan: Si Jesus, ang Anak ng Diyos. Ang ikalawang paa ay ang katotohanang napag-aralan natin ngayon: Ang Kamatayan ni Jesus sa Krus. Ang pangatlo ay siya namang pag-aaralan natin sa susunod.



Pansariling pag-aaral

Bago natin pag-aralan ang susunod (Ang Muling Pagkabuhay ni Jesus), basahin mo muna ang Marcos 6-10. Ilista mo ang mga natutunan mo tungkol kay Jesus sa mga nabasa mo. Ilista mo rin ang mga bagay na gusto mong itanong tungkol sa mga nabasa mo.

Chapter 3 – Ang Muling Pagkabuhay ni Jesus

Pasko ng Pagkabuhay

Ano ulit ang layunin ng pag-aaral natin? Pinag-aaralan natin ito upang matutunan natin (at maituro din naman sa iba) ang tunay na kahulugan ng Christianity o ng pagiging Cristiano sa pamamagitan ng pagtingin sa buhay, katuruan, at mga ipinahayag ni Cristo tungkol sa kanyang sarili. *Paano ulit ipinakilala ni Marcos ang tungkol kay Jesus?* Ito ay "Magandang Balita" (1:1). Ito ang gospel o good news.

Ano ang natutunan natin sa unang pag-aaral? Nakita natin doon ang pagiging Diyos ni Jesus at ang kanyang awtoridad (1) bilang guro o tagapagturo, (2) na magpagaling ng anumang sakit, (3) na magpatawad ng kasalanan, (4) laban sa masasamang espiritu, (5) sa kalikasan, (6) sa kamatayan, at (7) sa ating mga tao.

Ano naman ang natutunan natin sa ikalawang pag-aaral? Nakita natin doon na si Jesus ay hindi lamang dakilang guro, gumagawa ng himala at Anak ng Diyos, kundi naparito rin siya upang mamatay kapalit natin. Sa pamamagitan ng kanyang kamatayan sa krus, inako ng Diyos ang parusa sa ating mga kasalanan. Dahil doon, maibabalik na tayo sa malapit na relasyon sa kanya sa pamamagitan ng krus, ng ginawa ni Jesus para sa atin.

Ngayon naman, pagtutuunan natin ng pansin ang katotohanang hindi nanatiling patay si Jesus, ngunit nabuhay siyang muli at pinatunayang nagtagumpay na siya laban sa kasalanan at kamatayan. Ito ang ikatlong paa sa upuang tatlo ang paa na paghahalintulad natin sa pagiging Cristiano.

Ano ang pinakamahalagang araw na inaalala o ipinagdiriwang ng mga Cristiano? Maaaring sasabihin ng karamihan na Pasko o pagdiriwang sa kapanganakan ni Jesus. Mahalaga nga naman iyon. Pero kung titingnan nating mabuti, sasang-ayon tayong pinakamahalaga ang Easter Sunday o Pasko ng Pagkabuhay dahil sa epekto ng muling pagkabuhay ni Jesus sa buhay natin.

Kung hindi higit sa isang napakagandang salaysay ang muling pagkabuhay, ito ay parang bale-wala lang. Kung ito naman ay totoo, ito ang pinakamahalagang pangyayari sa kasaysayan, at ang hindi pagtugon sa mga implikasyon nito ay nangangahulugan ng 'di-masukat na kapahamakan. Kung hindi naman ito totoo, kung hindi nabuhay na muli si Cristo, ang Cristianismo ay isang kasinungalingan lamang ng mga bihasang mandaraya, o 'di kaya'y mga taong nahihibang at wala sa matinong pag-iisip (Sir Norman Anderson).

Nakatakdang mangyari ang muling-pagkabuhay

Bago natin pag-usapan kung ano ang kahulugan at kahalagahan ng muling pagkabuhay ni Jesus, pansinin muna natin na si Jesus mismo ang nagsabi patungkol sa kanyang darating na kamatayan at muling-pagkabuhay. Bago pa man mangyari ito, alam na ni Jesus kung ano ang magiging "ending" ng kanyang buhay dito sa mundo. Tingnan natin ang apat na talata sa Gospel of Mark na nagpapakitang alam ni Jesus ang mga mangyayari sa kanya.

Mula noon, ipinaalam na ni Jesus sa mga alagad ang mangyayari sa kanya. Sinabi niya, "Ang Anak ng Tao ay dapat magdanas ng matinding hirap. Siya'y itatakwil ng mga pinuno ng bayan, ng mga punong pari at ng mga tagapagturo ng Kautusan. Siya'y ipapapatay *ngunit muling mabubuhay sa ikatlong araw*" (8:31).

Nang sila'y bumababa na mula sa bundok, mahigpit silang pinagbilinan ni Jesus na huwag sasabihin kaninuman ang kanilang nakita *hangga't hindi pa*

muling nabubuhay ang Anak ng Tao (9:9).

Pag-alis nila roon, nagdaan sila sa Galilea. Ayaw niyang malaman ng mga tao ang kanyang kinaroroonan, dahil tinuturuan niya noon ang kanyang mga alagad na ang Anak ng Tao ay ipagkakanulo sa mga tao at papatayin, *ngunit siya'y mabubuhay muli pagkatapos ng tatlong araw* (9:30-31).

Nasa daan sila papuntang Jerusalem. Nauuna sa kanila si Jesus; nangangamba ang mga alagad at natatakot naman ang mga taong sumusunod sa kanya. Muling ibinukod ni Jesus ang Labindalawa at sinabi sa kanila ang mangyayari sa kanya. Sabi niya, "Papunta tayo ngayon sa Jerusalem kung saan ang Anak ng Tao'y ipagkakanulo sa mga punong pari at sa mga tagapagturo ng Kautusan. Siya'y hahatulan nila ng kamatayan at ibibigay sa mga Hentil. Siya ay kanilang hahamakin, duduraan, hahagupitin, at papatayin. *Ngunit pagkaraan ng tatlong araw, siya'y muling mabubuhay*" (10:32-34).

Di tulad ng ending ng buhay nating mga karaniwang tao, hindi nagtapos sa kamatayan ang buhay ni Jesus dito sa mundo. Nauunawaan niyang lubos na siya'y hindi lamang mamamatay sa pamamagitan ng isang kahiya-hiyang kamatayan sa krus, kundi mabubuhay din sa ikatlong araw at aakyat sa langit.

Ang mga pangyayari sa muling-pagkabuhay

Tingnan naman natin ngayon ang mga pangyayari sa kanyang muling pagkabuhay, na matatagpuan sa huling bahagi ng Gospel of Mark. (Pansinin na sa maraming salin ng Bibliya, may verses 9-20, pero may paliwanag na malaki ang posibilidad na hindi ito bahagi ng orihinal na isinulat ni Marcos).

Pagkaraan ng Araw ng Pamamahinga, si Maria Magdalena, si Maria na ina ni Santiago at si Salome ay bumili ng pabango upang sila ay magpunta sa libingan at lagyan ng pabango ang bangkay ni Jesus. 2 Kinaumagahan ng Linggo, sa pagsikat ng araw, sila'y nagpunta sa libingan. 3 Ngunit sila ay

nagtatanungan sa isa't isa, "Sino kaya ang maaari nating mapakiusapang maggulong ng batong nakatakip sa pintuan ng libingan?" 4 Nasabi nila iyon dahil napakalaki ng bato. Ngunit nang matanaw nila ito, nakita nilang naigulong na ang bato. 5 At pagpasok nila sa libingan, may nakita silang isang binatang nakasuot ng mahaba at maputing damit, at nakaupo sa gawing kanan. Kaya't sila'y nagtaka. 6 Ngunit sinabi nito sa kanila, "Huwag kayong matakot. Hinahanap ninyo si Jesus na taga-Nazaret na ipinako sa krus. Wala na siya rito; siya'y muling binuhay ng Diyos! Tingnan ninyo ang pinaglagyan sa kanya. 7 Bumalik kayo at sabihin ninyo sa kanyang mga alagad at kay Pedro, 'Mauuna siya sa inyo sa Galilea. Makikita ninyo siya roon, gaya ng sinabi niya sa inyo.'" 8 Lumabas sila ng libingan at patakbong umalis na nanginginig at litung-lito. At dahil sa matinding takot, wala silang sinabi kaninuman (Marcos 16:1-8).

Hindi lang isang beses siyang nagpakita sa mga tagasunod niya, kundi maraming ulit. "Kinagabihan ng araw ng Linggo, ang mga alagad ay nagkakatipon. Nakasara ang mga pinto ng bahay na kanilang pinagtitipunan dahil sa takot nila sa mga Judio. Dumating si Jesus at tumayo sa kalagitnaan nila. 'Sumainyo ang kapayapaan!' sabi niya" (Juan 20:19). "Sa loob ng apatnapung araw pagkatapos ng kanyang pagkamatay, *maraming ulit siyang nagpakita* sa kanila at pinatunayan niyang siya'y talagang buháy. Siya'y nagpakita sa kanila at tinuruan niya tungkol sa paghahari ng Diyos" (Gawa 1:3).

Ang kahulugan ng muling-pagkabuhay

Maliwanag nga at hindi maikakaila ninuman na totoong nangyari ang muling pagkabuhay ni Jesus at hindi gawa-gawa lang ng mga tagasunod niya ang kuwentong ito. Ngayon naman, ano ang kahulugan nito? Ano ang ipinapahayag o ipinapakita ng Diyos sa pamamagitan ng pangyayaring ito?

Una, ***ipinapahayag nito ang tagumpay ni Jesus sa kasalanan at***

kamatayan. Sabi sa sulat ni Pablo sa 1 Corinto 15:54-57, "*'Nalupig na ang kamatayan; lubos na ang tagumpay!*' 55 'Nasaan, O kamatayan, ang iyong tagumpay? Nasaan, O kamatayan, ang iyong kamandag?' 56 Ang kamandag ng kamatayan ay ang kasalanan, at ang lakas ng kasalanan ay nagmumula sa Kautusan. 57 Magpasalamat tayo sa Diyos, sapagkat tayo'y binibigyan niya ng *tagumpay* sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesu-Cristo!"

Ikalawa, **lahat ng mananampalataya o nagtitiwala kay Jesus ay kaisa niya sa muling pagkabuhay.** Ito ang kahulugan ng bautismo sa tubig (water baptism). Sinabi ni Pablo, "Sa pamamagitan ng bautismo, nailibing kayong kasama ni Cristo at *muli rin kayong nabuhay na kasama niya* dahil sa inyong pananalig sa kapangyarihan ng Diyos na muling bumuhay sa kanya. 13 Kayong dating patay dahil sa kasalanan, kayong mga Hentil (di-Judio) na hindi nasasakop ng Kautusan ay *binuhay ng Diyos na kasama ni Cristo*" (Colosas 2:12-13).

Ikatlo, **ipinakita ni Jesus ang kanyang kapangyarihan bilang tunay na Diyos.** Walang sinumang tao ang may kakahayang buhayin ang kanyang sarili mula sa mga patay. Ayon kay Pablo, si Jesus ay "*ipinahayag…bilang Anak ng Diyos* sa pamamagitan ng isang makapangyarihang gawa, ang kanyang muling pagkabuhay" (Roma 1:4).

Ang kahalagahan ng muling-pagkabuhay

Kung ito pala ang kahulugan ng muling pagkabuhay ni Jesus, ibig sabihin, napakahalaga nito sa buhay natin. Madalas na tinatanong ng marami, "Ano ang mangyayari sa atin pagkatapos na tayo ay mamatay? May Langit ba? O Impiyerno? O wala na

pagkatapos ng buhay dito? Ang sagot sa mga tanong na iyan ay matatagpuan sa muling pagkabuhay ni Jesus. Tingnan natin ang mga salita ni apostol Pedro, isa sa mga pangunahing saksi sa kanyang muling pagkabuhay, sa Gawa 10:39-43:

Saksi kami sa lahat ng ginawa niya sa lupain ng mga Judio at sa Jerusalem. Siya'y pinatay nila; siya ay ipinako nila sa krus. 40 Ngunit siya'y muling binuhay ng Diyos sa ikatlong araw at hinayaang makita ng mga tao; 41 hindi siya nakita ng lahat ng tao, subalit nakita namin siya. Kami na mga pinili ng Diyos bilang mga saksi patungkol dito ay nakasama niyang kumain at uminom pagkatapos na siya'y muling mabuhay. 42 Inatasan niya kaming mangaral sa mga tao at magpatotoo na siya ang itinalaga ng Diyos na maging hukom ng mga buháy at mga patay. 43 Siya ang tinutukoy ng mga propeta nang kanilang ipahayag na ang bawat sumampalataya sa kanya ay tatanggap ng kapatawaran sa kanilang mga kasalanan sa pamamagitan ng kanyang pangalan.

Dahil muling nabuhay si Jesus, darating ang araw na babalik siya. At sa kanyang pagbabalik, ganito ang mga mangyayari…

1. Lahat ng tao ay muling bubuhayin mula sa mga patay.

Sa pagbabalik ni Jesus, madaratnan niya ang mga tao – "mga buhay at mga patay" (Gawa 10:42). Ang mga namatay na, muling bubuhayin. Sabi mismo ni Jesus, "Sila'y muling mabubuhay. Huwag ninyo itong pagtakhan, sapagkat darating ang oras na maririnig ng mga patay ang kanyang tinig. Sila'y muling mabubuhay…" (Juan 5:28-29). Sabi naman ni Pablo, "Tulad nila, sumasampalataya din akong muling bubuhayin ng Diyos ang lahat ng tao, matuwid man o di-matuwid" (Gawa 24:15). Nagpapakita ito na ang kamatayan natin ay hindi ang katapusan ng lahat. Pagkatapos ng buhay dito ay mayroon pang kasunod na buhay.

2. Pagkatapos, lahat ng tao ay hahatulan ni Jesus.

Tayo'y magbibigay-sulit sa lahat ng ating ginawa. Si Jesus ang "itinalagang maging hukom ng mga buháy at mga patay" (Gawa 10:42). Si Jesus na muling nabuhay ang siyang muling babalik, hindi na bilang Tagapagligtas, kundi Tagahatol o Hukom! Ang igagawad na hatol ay ayon sa ating mga ginawa. "Sapagkat igagawad niya sa lahat ng tao ang naaayon sa kanilang mga ginawa" (Roma 2:6). Makikita sa ating mga gawa kung tayo ba ay nagtitiwala kay Jesus o hindi. Walang exempted dito. Lahat tayo ay haharap kay Jesus.

3. Lahat ng tao ay hahatiin sa dalawang grupo.

Ang kaharian ng langit ay katulad din ng isang malaking lambat na inihagis sa lawa at nakahuli ng sari-saring isda. 48 Nang mapuno ang lambat, hinila ito sa pampang. Naupo ang mga tao habang tinitipon nila sa sisidlan ang mabubuting isda at itinatapon naman ang mga isdang hindi mapapakinabangan. 49 Gayundin ang mangyayari sa katapusan ng daigdig, darating ang mga anghel, *ihihiwalay ang masasama sa mga matuwid*, 50 at ihahagis ang masasama sa naglalagablab na apoy. Doo'y mananangis sila at magngangalit ang kanilang mga ngipin (Mateo 13:47-50).

Dalawang grupo ang magiging paghahati. Bawat tao ay ilalagay sa isa sa dalawang grupong ito. Ang mga matuwid, hindi dahil sa sarili nilang gawa kundi dahil sa pagtitiwala nila sa ginawa ni Jesus para sa kanila (sa susunod na pag-aaral ay ito ang pag-uusapan natin), ano ang kahihinatnan? Sila ay mga pinawalang-sala, hindi na hahatulan, kundi tatanggap ng pagpapalang makasama ang Diyos magpasawalang-hanggan. Ang mga makasalanan naman, kasama dito ang mga relihiyosong tao at matuwid sa harap ng mga tao ngunit di naman kay Jesus nagtitiwala, ano ang kahihinatnan nila? Ihahagis sila sa naglalagablab na apoy (v. 50). Paparusahan sila, magdurusa sila

nang magpawalang-hanggan. Itinakwil nila si Jesus at sinabing hindi nila kailangan si Jesus. Sa araw na iyon, sila naman ang itatakwil ni Jesus. "Kapag ikinahiya ninyo ako at ang aking mga salita sa harap ng mga taksil at makasalanang mga tao sa panahong ito, ikakahiya rin kayo ng Anak ng Tao pagparito niya na taglay ang dakilang kapangyarihan ng kanyang Ama, at kasama ang mga banal na anghel" (Marcos 8:38).

4. Ang paghahati ay pangwalang-hanggan.

Ang igagawad na pagpapala ng Diyos sa mga tagasunod ni Jesus ay hindi pansamantala, kundi pangwalang-hanggan. Ang igagawad namang parusa sa mga di sumunod kay Jesus ay hindi rin pansamantala, kundi pangwalang-hanggan. Ayon ito sa itinuro ni Jesus:

"Pagdating ng Anak ng Tao bilang Hari, kasama ang lahat ng anghel, uupo siya sa kanyang trono ng kaluwalhatian. 32 Titipunin naman sa harapan niya ang lahat ng tao at sila'y kanyang pagbubukud-bukurin, tulad ng ginagawa ng pastol sa mga tupa at mga kambing. 33 Inilalagay nito sa kanyang kanan ang mga tupa, at sa kaliwa naman ang mga kambing. 34 Kaya't sasabihin ng hari sa mga nasa kanan niya, *'Halikayo, mga pinagpala ng aking Ama! Pumasok kayo at tanggapin ang kahariang inihanda para sa inyo mula pa nang likhain ang daigdig.* 35 Sapagkat ako'y inyong pinakain noong ako'y nagugutom; ako'y inyong pinainom noong ako'y nauuhaw. Ako'y isang dayuhan at inyong pinatuloy. 36 Ako'y walang maisuot at inyong dinamitan, nagkasakit at inyong dinalaw, nabilanggo at inyong pinuntahan.' 37 "Sasagot ang mga matuwid, 'Panginoon, kailan po namin kayo nakitang nagutom at aming pinakain, o nauhaw at aming pinainom? 38 Kailan po kayo naging dayuhan at aming pinatuloy, o kaya'y walang maisuot at aming dinamitan? 39 At kailan po namin kayo nakitang nagkasakit o nabilanggo at kayo'y aming dinalaw?' 40 "Sasabihin ng Hari, 'Tandaan ninyo, nang gawin ninyo ito sa isa sa mga alagad ko, siya man ang pinakahamak, ako ang inyong tinulungan.' 41 "Sasabihin naman niya sa

mga nasa kaliwa, 'Lumayo kayo sa harapan ko! *Isinumpa kayo sa apoy na di namamatay* na inihanda para sa diyablo at sa kanyang mga kampon. 42 Sapagkat hindi ninyo ako pinakain noong ako'y nagugutom; hindi ninyo ako pinainom noong ako'y nauuhaw'" (Mateo 25:31-42).

Hindi itinuturo ng Bibliya ang tulad ng sinasabi ng ilan na may ikalawang pagkakataon pagkatapos ng kamatayan. Ang mga tao raw na namatay na ay bibigyan ng "second chance" at may pagkakataon pa silang magsisi at sumampalataya kay Jesus kung pipiliin nila. Hindi totoo iyon! "Itinakda sa mga tao na sila'y minsang mamamatay at pagkatapos ay ang paghuhukom" (Hebreo 9:27). Ngayon lamang sa iisang buhay nating ito ang oportunidad natin na magdesisyon – kung ikaw ba ay maniniwala at magtitiwala kay Jesus o hindi. Kung ano ang tugon mo kay Jesus sa buhay na ito ang magiging tugon niya sa iyo sa kabilang buhay. Kung itatakwil mo siya at pipiliing lumakad sa sarili mong kagustuhan, tatanggapin mo ang bayad ng iyong kasalanan – walang-hanggang kamatayan sa impiyerno.

Tagumpay

Ganyan kahalaga ang muling pagkabuhay ni Jesus sa buhay natin ngayon. Sa pamamagitan ng kanyang muling pagkabuhay, nakatitiyak tayo na: (1) tayo'y muli ring bubuhayin; (2) tayo'y hahatulan ni Jesus; (3) ihihiwalay ang mga matutuwid sa mga makasalanan; at (4) ang paghihiwalay na ito ay pangwalang-hanggan.

Nang nabuhay na muli si Jesus, ito ang pagpapahayag ng Diyos sa kanyang kaluguran o pagtanggap sa ginawang pagliligtas ni Jesus para sa atin. Sa pamamagitan ng kanyang pagkabuhay, wala nang parusang natitira sa ating kasalanan, wala nang galit ng Diyos na dapat nating alalahanin o katakutan, wala nang kahatulan sa kasalanan – lahat binayaran na, wala nang natitira. Nagtagumpay si

Jesus sa kasalanan. Kaya lahat tayong nagsisisi sa ating mga kasalanan at nagtitiwala sa kanya ay pinatawad na at tatanggap ng buhay na walang hanggan.

Alam natin na ang dati nating pagkatao ay naipako na sa krus kasama niya, upang mamatay ang ating makasalanang pagkatao at nang hindi na tayo maalipin pa ng kasalanan. 7 Sapagkat ang namatay na ay pinalaya mula sa kapangyarihan ng kasalanan. 8 Kung tayo'y namatay nang kasama ni Cristo, *naniniwala tayong mabubuhay rin tayong kasama niya.* 9 Alam nating si Cristo nang muling binuhay ay hindi na muling mamamatay. Wala nang kapangyarihan sa kanya ang kamatayan (Roma 6:6-9).

Upuang tatlo ang paa

Hayan, natapos na nating pag-usapan at pag-aralan ang tatlong paa na saligan o pundasyon ng pagiging Christian o tagasunod ni Jesus. Ang unang paa ay ang pagiging Anak ng Diyos ni Jesus. Siya ang may awtoridad sa lahat ng bagay. Siya ang Panginoon ng ating buong buhay. Ang ikalawang paa ay ang kamatayan ni Jesus sa krus. Siya ang umako sa mga kasalanang tayo dapat ang magbayad. Ang ikatlong paa ay ang kanyang muling pagkabuhay. Nagtagumpay na siya sa kasalanan at sa kamatayan at nagbigay sa atin ng katiyakan na tayo rin ay muling bubuhayin at ngayon pa lang ay makakaranas na ng isang bagong buhay kasama siya. Kumpleto na ang upuan. Pero balewala ito kung hindi naman natin uupuan. Iyan naman ang pag-uusapan natin sa susunod na tatlong pag-aaral natin.



Pansariling pag-aaral

Sa susunod na pag-aaral, tatalakayin natin ang batayan ng ating kaligtasan. Ito ba ay sa pamamagitan ng gawa natin o ng biyaya ng Diyos? Sa pansariling pag-aaral mo, ituloy mo lang na basahin ang Gospel of Mark. Basahin mo ang chapters 11-16. Sa pagbabasa mo, ilista mo ang mga natutunan mo tungkol kay Jesus sa mga nabasa mo. Ilista mo rin ang mga bagay na gusto mong itanong tungkol sa mga nabasa mo.

Chapter 4 – Kaligtasan Dahil sa Biyaya, Hindi sa mga Gawa

Sigurado ka ba?

Ano ang layunin ng pag-aaral nating ito? Dalangin natin na sa pamamagitan nito ay matutunan natin ang tunay na kahulugan ng pagiging Cristiano sa pamamagitan ng pagsasaliksik sa buhay ni Cristo, sa kanyang mga katuruan, at mga ipinapahayag ni Cristo tungkol sa sarili niya.

Nakasisigurado ka ba na mapupunta ka sa langit kung sakaling mamamatay ka ngayon din? Tatlo ang mga posibleng isagot dito. Pwedeng oo, hindi, o hindi ko alam. Ang pangatlo (hindi ko alam) ang karaniwang sagot ng mga tao. Ang dahilan kung bakit ganito ay dahil hindi nila alam ang kahulugan o kahalagahan ng tatlong paa na napag-aralan natin sa nakaraang tatlong pag-aaral. Hindi kilala ng maraming tao kung sino si Jesus at kung ano ang ginawa niya para sa atin. Pero tayo, kilala na natin siya. At sa kanya nakabatay ang katiyakan natin sa buhay na darating.

Ano ang naalala mo sa pinag-aralan natin sa unang aralin? Nakita natin doon ang pagiging Diyos ni Jesus sa pamamagitan ng kanyang awtoridad (1) bilang guro, (2) laban sa mga masasamang espiritu, (3) sa kasalanan, (4) sa sakit, (5) sa kalikasan, (6) sa kamatayan, at (7) sa mga tao. Ito ang unang paa: Si Jesus, ang Anak ng Diyos.

Sa ikalawang aralin naman? Si Jesus ay hindi lang isang dakilang guro, manggagamot at Anak ng Diyos, ngunit siya ay naparito upang mamatay bilang kapalit natin. Pinarusahan ng Diyos ang kasalanan at ibinalik tayo sa Diyos sa pamamagitan ng pagtubos ni Cristo. Ito ang

ikalawang paa, ang kamatayan sa krus ni Jesus.

Sa nakaraang aralin natin? Nakita natin ang katotohanan at kahulugan ng muling pagkabuhay ni Jesus. Nagtagumpay na siya laban sa kasalanan at kamatayan. Tinitiyak na tayo rin ay bubuhaying muli, hahatulan ni Jesus, hahatiin ang mga matutuwid sa mga makasalanan, at ang paghahating ito ay pangwalang-hanggan. Ito ang ikatlong paa, ang muling pagkabuhay ni Jesus.

Ngayon naman, sa natititirang tatlong aralin, sasagutin natin ang tanong na, "Paano tayo makatitiyak na magkakaroon ng buhay na walang hanggan?" o "Paano tayo makatitiyak na tayo nga ay tunay na mga Cristiano?" Mahalaga ang tatlong paa ng upuan. Pero balewala ito kung alam mo lang at hindi ka naman mauupo rito.

Kaligtasan: regalo o trabaho?

Kung sakaling mamamatay ka mamayang gabi at magbibigay ng pagsusulit ng iyong buhay sa paghatol ng Diyos, paano mo ipagtatanggol ang sarili mo? Paano mo sasabihing karapat-dapat ka sa harapan niya? Dalawa lang ang maaaring sagot dito. Una, puwede mong sabihin na karapat-dapat kang pumasok sa kaharian niya dahil sa sarili mong kabutihan o katuwiran, "OK naman po ako. Mabait naman po ako. Mahal ko po ang pamilya ko. Tumutulong ako sa ibang tao. Wala naman po akong inaagrabyado. Nagsisimba naman ako. Nagkakamali din, pero paminsan-minsan lang naman." Sapat kaya ito? Katanggap-tanggap kaya ito sa Diyos?

Ang ikalawa naman ay sa pamamagitan ng kabutihan o katuwiran ng iba, hindi ng sarili mo. Ito ay walang iba kundi si Jesus na siyang namuhay nang matuwid, perpekto at walang kasalanan at siyang namatay sa krus para bayaran ang mga kasalanan mo at upang

ang kanyang "perfect record" ay maipasa sa iyo (naalala mo ang "Book Illustration" sa ikalawang pag-aaral natin?). Ito lang ang sagot na katanggap-tanggap sa Diyos.

Ang dalawang sagot na ito ay kumakatawan sa dalawang klase ng relihiyon sa mundo. Oo, dalawang klase lang ang relihiyon sa mundo. Ang una, at karaniwan, ay ang relihiyong nagsasabi ng, "Upang maligtas ka, o mapunta sa langit, o matanggap ng Diyos, heto ang listahan ng mga dapat mong gawin at mga hindi mo dapat gawin." Lahat ng relihiyon sa mundo at ibang sekta ng Christianity ganito ang itinuturo. Pero hindi ito ang totoong biblical Christianity. Ang totoong Christianity lang, ang ayon sa itinuturo ng Panginoong Jesus at ng kanyang mga apostol, ang kabilang sa ikalawang klase. Ito ang nagsasabi na ang paraan para maligtas o mapunta sa langit o maging katanggap-tanggap sa Diyos ay "Nagawa na!" It is finished! May gumawa na, may nagbayad na ng ating mga kasalanan. Wala na tayong dapat gawin upang matanggap ng Diyos. Si Jesus ang dahilan upang tayo'y tanggapin ng Diyos.

Ang maling sagot – kung ano ang ginawa ko

Ang mahalagang tanong na dapat nating sagutin ay ito: *Ano ang batayan o basehan ng Diyos sa kanyang pagtanggap sa atin?* Kung sasabihin mong nakadepende ito sa mga ginagawa mo, maling-mali ang sagot na iyan!

Bakit mali, hindi sapat, at hindi katanggap-tanggap sa Diyos na ang kaligtasan natin ay batay sa ating mga ginawa o hindi ginawa? Dahil wala naman tayong magagawa para maging matuwid sa harapan ng Diyos. Karaniwan kasi sa atin, ikinukumpara natin ang sarili natin sa ibang tao. Kung ikukumpara nga naman sa mga rapist,

mga kurakot, mga kriminal, para tayong mga santo at mga santa. Minsan naman, ikinukumpara natin ang sarili natin sa kung sino tayo dati. Sasabihin mo, "Nagbago na ko. Nagpupumilit na 'kong magpakatino." Pero ano ba ang sukatan ng pagiging matuwid o mabuti? Ang ibang tao ba? Ang sarili ba natin? Hindi!

Ang sukatan ay ang standard o pamantayan ng Diyos. Ang Diyos ay banal at perpekto. Kaya naman, ang sukatan niya ay 100% dapat. Hindi pasado ang 75% o 95%. "Kaya maging ganap kayo, gaya ng inyong Ama na nasa langit" (Mateo 5:48); "Be perfect as your Father in heaven is perfect" (ESV). Sabi ng Diyos, "Magpakabanal kayo, sapagkat ako'y banal" (1 Pedro 1:16). Ibig sabihin, sa pagharap sa Diyos, dapat wala tayong kahit anong bahid ng dungis o kahit maliit na kalikuan o kasalanan.

Kung ganyan pala ang sukatan, sino ngayon ang pasado? Lahat tayo ay bagsak, bagsak na bagsak. Nilabag natin ang "buong Kautusan": "Ang lumalabag sa isa, kahit tumupad sa iba pang mga utos ay lumalabag pa rin sa buong Kautusan" (Santiago 2:10). Ang listahan ng ating kasalanan (illustration sa ikalawang pag-aaral), gaano man kalaki o kaliit, ay naghihiwalay sa atin nang pangwalang-hanggan sa ating banal at makatarungang Diyos. Hindi pagpapala, kundi sumpa at parusa ang nararapat para sa ating lahat. "Ang lahat ng umaasa sa mga gawa ayon sa Kautusan ay nasa ilalim ng isang sumpa. Sapagkat nasusulat, 'Sumpain ang hindi sumusunod at hindi gumagawa ng lahat ng nakasulat sa aklat ng Kautusan'" (Galatia 3:10).

Oo nga't sa tingin natin o sa tingin ng ibang tao maaaring malinis tayo, pero tandaan nating ang Diyos ay tumitingin sa puso natin. Sabi ni Jesus:

At sinabi rin niya, "Ang lumalabas sa tao ang nagpaparumi sa kanya sa paningin ng Diyos. 21 Sapagkat sa loob, sa puso ng tao, nagmumula ang masasamang isipang nag-uudyok sa kanya upang makiapid, magnakaw, pumatay, 22 mangalunya, mag-imbot, gumawa ng kasamaan tulad ng pandaraya, kahalayan, pagkainggit, paninirang-puri, pagmamayabang, at kahangalan. 23 Ang lahat ng ito ay nanggagaling sa puso at ang mga ito ang siyang nagpaparumi sa kanya" (Marcos 7:20-23).

Ipinaliwanag dito ni Jesus na ang kasalanan ay hindi lamang tungkol sa mga ginagawa o sinasabi natin, o kahit sa mga maling bagay o negatibong iniisip natin. Mas malala pa doon ang sakit natin. Ang kasalanan ay likas na sa atin, sa ating puso, ito ang naglalarawan sa ating pagkatao. Tayo'y gumagawa ng kasalanan dahil tayo'y makasalanan. Lahat tayo, walang exempted dito. "Sapagkat ang lahat ay nagkasala, at walang sinumang nakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos" (Roma 3:23).

Nasa loob ang problema, wala sa labas

Nasa puso pala ang tunay na problema natin. Iyon ang ugat at ang mga nakikitang ginagawa natin ay bunga noon, hindi sapat na takpan lang natin ang problemang iyon ng mabubuting gawa. Halimbawa, meron kang sakit na tigdas (measles). Lumapit ka sa doktor para magpagamot. Tapos sabi niya sa iyo, "Madali lang iyan. Heto bumili ka ng mga Band-Aids at itapal mo diyan sa mga parte ng balat mo na apektado." Gagawin mo ba ang sinabi niya? Oo nga't natakpan ang mga pangit tingnan, pero gumaling ka ba sa sakit mo? Hindi ba't walang kuwenta iyon dahil alam mo namang ang sakit mo ay nasa loob, wala sa labas?

Pero hindi ba't ganoon ang turing ng maraming tao sa kasalanan? Tandaan mong ang problema mo ay hindi lang kung ano

ang ginagawa mo, kundi ang puso mong hindi lang tigdas ang sakit kundi terminal cancer na. Malala na, ikamamatay mo, ikapapahamak mo. Wala sa iyo ang solusyon. Wala sa ibang tao ang solusyon. Dapat lumapit tayo sa tunay na makagagamot nito. Iyan ay walang iba kundi si Jesus. Hindi ba't ganyan ang ipinakita niya sa atin na magagawa niya sa unang aralin pa lang natin?

Ang tamang sagot - kung ano ang ginawa ni Jesus

Uulitin ko ang tanong na sinasagot natin sa araling ito: *Ano ang batayan o basehan ng Diyos sa kanyang pagtanggap sa atin?* Maling sagot kung sasabihin nating batay ito sa mga ginawa natin. Ang tamang sagot ay kung ano ang ginawa ni Jesus para sa atin. Maliwanag ito sa Efeso 2:8-9, "Sapagkat dahil sa kagandahang-loob ng Diyos kayo ay naligtas sa pamamagitan ng pananampalataya; at ang kaligtasang ito'y kaloob ng Diyos at hindi sa pamamagitan ng inyong sarili; 9 hindi ito bunga ng inyong mga gawa kaya't walang dapat ipagmalaki ang sinuman." Itinuturo ng Bibliya na tayo'y naligtas hindi sa pamamagitan ng naipon nating mga mabubuting gawa, kundi ng pag-ibig at kagandahang-loob (grace) ng Diyos.

Ang "grace" o "biyaya" ay ang kabutihan ng Diyos na hindi natin karapat-dapat tanggapin. Sa biyaya ng Diyos, ang dapat para sa atin – walang hanggang parusa sa impiyerno – ay hindi natin tinanggap. Kabaligtaran nito ang tinanggap natin. At ito ay dahil sa (ayon sa unang pag-aaral) awtoridad ni Jesus bilang Diyos, (sa ikalawang pag-aaral) kamatayan niya, at (sa ikatlong pag-aaral) ang kanyang muling pagkabuhay.

Ito ay libreng regalo ng Diyos na matatanggap lang sa pamamagitan ng pananampalataya o pagtitiwala kay Jesus at sa

kanyang ginawa para iyo. “Kung gayon, maliwanag na sa pamamagitan lamang ng pananampalataya mapapawalang-sala ang tao, at hindi sa pamamagitan ng pagtupad sa Kautusan” (Roma 3:28). Oo nga’t regalo ito, ngunit hindi ibig sabihin na magpapatuloy ako sa kasalanan kasi pinatatawad naman ako ng Diyos. Ang tunay na pananampalataya ay makikita sa pagsunod. Napawalang-sala tayo dahil lamang sa biyaya sa pamamagitan lamang ng pananampalataya, ngunit hindi sa pananampalatayang hindi nagsasagawa ng kalooban ng Diyos. Kung sinasabi mong si Jesus ang Tagapagligtas mo, hindi mo puwedeng itanggi na siya ang Panginoon mong mamamahala sa buhay mo. “Kung ipahahayag ng iyong labi na si Jesus ay Panginoon at buong puso kang sasampalataya na siya’y muling binuhay ng Diyos, maliligtas ka” (Roma 10:9).

Tanggapin ang regalo

Tulad ng napag-usapan natin kanina, ang relihiyong nagsasabi ng “Gawin mo ‘to” para maligtas, ay tungo sa kapahamakan dahil wala naman tayong magagawa sa sarili natin para maging katanggap-tanggap sa Diyos. Ang ikalawa naman, ang nagsasabing “Nagawa na!” ay patungo sa buhay na walang-hanggan.

Ang kaligtasang galing kay Jesus at ang Kaharian ng Diyos ay dapat tanggapin bilang regalo; hindi ito mapagtatrabahuhan sa pamamagitan ng gawa ng tao. Makakapasok lamang dito ang mga taong kinikilalang sila’y makasalanan at walang magagawa para iligtas ang kanilang sarili, at tumatalikod sa sarili at nagtitiwala kay Jesus. Sa pamamagitan nito matitiyak nating tayo ay may buhay na walang hanggan. Dahil ito ay regalo, dapat itong tanggapin, hindi bayaran. Ito ang biyaya ng Diyos, regalo ng Diyos. Ganyan kabuti ang Diyos natin!

Pansariling pag-aaral

Sa susunod na dalawang aralin, pag-aaralan natin kung paano tanggapin ang libreng regalo ng buhay na walang hanggan sa pamamagitan ng pagsisisi sa kasalanan, at pagtitiwala kay Cristo. Para sa susunod na pag-aaral ["Ano ang Tunay na Cristiano?" (Part 1) – Nagsisisi], basahin ang Marcos 1:15; 8:34-38; 9:43-48; 10:29-30. Ilista ang mga natutunan mo tungkol kay Jesus at tungkol sa pagiging isang tunay na Cristiano sa mga nabasa mo. Ilista rin ang mga bagay na gusto mong itanong tungkol sa mga nabasa mo.

Chapter 5 – Ano ang Tunay na Cristiano? Nagsisisi

Cristiano nga ba?

Maraming Filipino - 93% - ang magsasabing Christian sila. Ang natitirang 7% ay Muslim, Buddhists, at tribal peoples. Pero ano nga ba ang ibig sabihin ng pagiging Christian? *Sino ba ang masasabing tunay na Cristiano?*

Kung tatanungin mo ang mga Filipino, karaniwan nilang isasagot ay ito: "Ang isang Cristiano ay siyang nagbabasa ng Bibliya, nagsisimba, nabinyagan o nabautismuhan, lumapit sa harap nang mag-altar call ang pastor, nanalangin ng 'prayer of acceptance' (panalangin ng pagtanggap)." Ang iba naman, dahil ang mga magulang nila ay Cristiano, sila din daw ay Cristiano na. Kung ano ang nakagawiang relihiyon o tradisyon, iyon na.

Para sa mga Filipino, ganito ang karaniwang pagsasalarawan ng isang tunay na Cristiano. Pero tama ba 'to? Sapat ba ang mga ito? Ganito din ba ang sinasabi ni Jesus? Kung meron nga namang dapat nating tanungin kung ano ang tunay na Cristiano, si Cristo dapat! Siya lang ang makapagsasabi sa atin kung ano ang tunay na Cristiano. Iyan ang pag-aaralan natin ngayon.

Pag-upo sa upuan

Bago tayo magpatuloy, alalahanin mong ang pagiging Cristiano ay nakabatay sa "upuang tatlo ang paa" – kung sino si Jesus at ano ang kanyang ginawa para sa atin. Si Jesus ay Anak ng Diyos. Siya ay tunay na tao, pero siya ay higit pa sa isang karaniwang tao. Siya ay

may lubos na awtoridad o kapangyarihan (unang paa). Kahit wala siyang nagawang kahit isa man lamang na kasalanan, ipinako siya sa krus at dinala ang bigat ng parusa ng ating mga kasalanan bilang kapalit natin o substitute (ikalawang paa). Muling nabuhay si Jesus at dahil dito, darating ang muling pagkabuhay at hatol na igagawad ng Diyos sa lahat ng tao (ikatlong paa).

Sa nakaraang pag-aaral, sinagot natin ang tanong na, "Ano ang basehan o dahilan ng pagtanggap ng Diyos sa akin?" Natuklasan nating tayo ay naligtas hindi dahil sa sarili nating katuwiran o kabutihan, kundi sa pamamagitan lamang ng kagandahang-loob o biyaya (grace) ng Diyos. Ito ay regalong tinatanggap at hindi pinagtatrabahuhan o binabayaran.

Sino ang tunay na Cristiano?

Sa pagharap ni Jesus sa mga tao, unang-una niyang sinabi, "Dumating na ang takdang panahon. Malapit nang maghari ang Diyos! Kaya magsisi na kayo't talikuran ang inyong mga kasalanan. Paniwalaan na ninyo ang Magandang Balita" (Marcos 1:15)! Makikita natin dito na para kay Jesus, ang isang tunay na Cristiano ay siyang kabilang sa Kaharian ng Diyos. Ang tamang tugon sa mensaheng ito ni Jesus ay ang pagpapasakop sa Kaharian ng Diyos. Ibig sabihin, ang isang tao na patuloy na nagrerebelde sa paghahari o pamamahala ng Diyos sa kanyang buhay ay hindi isang Cristiano.

Ngunit paano naman tayo mapapabilang sa Kaharian ng Diyos? Sabi ni Jesus, una, "magsisi na kayo't talikuran ang inyong mga kasalanan." Ikalawa, "paniwalaan na ninyo ang Magandang Balita." Magsisi at maniwala. Ang makakapasok lang sa Kaharian ng Diyos, ang maibibilang na tunay na Cristiano, ay ang mga taong nagsisisi at

nananampalataya. Ano ang tunay na "pagsisisi" (repentance)? Ito ang pag-aaralan natin ngayon. Ang tunay na "pananampalataya" (faith) ay siya namang pag-aaralan natin sa susunod.

Tunay na Pagsisisi

Bago natin lubos na maunawaan kung ano ang tunay na pagsisisi, dapat muna nating malaman kung ano ang hindi tunay. *Ano ang maling klase ng pagsisisi?* Maaari itong ihalintulad sa isang batang sinabihan ng kanyang nanay na huwag kukuha ng candy sa garapon. Pero hindi nakinig ang bata, kumuha pa rin siya ng candy kahit na pinagbawalan siya. Habang kinukuha niya ang candy, nakita siya ng nanay niya. Nang makita ng bata na huling-huli siya ng nanay niya, natakot siya dahil baka paluin siya o hindi na pagbigyan ulit. Umiyak siya dahil sa sobrang takot. Ang pag-iyak dahil sa takot na maparusahan ay hindi tunay na pagsisisi. At kahit na mangako ang bata na gagawa siya ng mabuti bilang kabayaran ng kanyang pagsuway, tulad ng pagliligpit at paghuhugas ng mga pinagkainan, hindi pa rin ito ang tunay na pagsisisi.

Ang pagsisisi ay hindi lang isang malungkot na damdamin. It is more than just feeling bad or guilty. Ang pagsisisi ay hindi rin pagbibitaw ng pangako na pagbabayaran ang kasalanang nagawa o sa susunod ay pagbubutihan na o pagsisikapang makasunod. Ang tunay na pagsisisi, ayon kay Jesus, ay ito:

> Ang sinumang nagnanais sumunod sa akin ay kinakailangang itakwil niya ang kanyang sarili, pasanin ang kanyang krus, at sumunod sa akin. 35 Ang sinumang nagnanais na magligtas ng kanyang buhay ay mawawalan nito; ngunit ang mawalan ng kanyang buhay alang-alang sa akin at sa Magandang Balita ay magkakamit nito (Marcos 8:34-35).

Upang makasunod kay Jesus, dapat talikuran o itakwil ang sarili.

Ibig sabihin, hindi na ang sarili nating kagustuhan o interes ang pangunahin, kundi si Jesus na at ang kanyang kalooban. Ipinapakita ng tunay na pagsisisi ang pagkilala sa sarili bilang isang makasalanang nararapat lamang parusahan at sa gayo'y nangangailangan ng kapatawaran. Higit pa ito sa isang negatibong damdamin o saloobin o pagtatangkang baguhin ang sarili o pagbayaran ang nagawang kasalanan. "Sapagkat ang kalungkutang buhat sa Diyos ay nagbubunga ng pagsisisi at pagbabago tungo sa kaligtasan. Ngunit ang kalungkutang dulot ng mundo ay humahantong sa kamatayan" (2 Corinto 7:10).

Ano ngayon ang tunay na pagsisisi? Ito ay pagtalikod sa kasalanan at pagsusuko ng sarili sa karapatang ibinigay ng Diyos kay Jesus na maghari o mamahala sa buhay natin. Tulad ng mga taga-Tesalonica na "tinalikuran ang pagsamba sa mga diyus-diyosan upang maglingkod sa tunay at buháy na Diyos, at maghintay sa pagbabalik ng kanyang Anak mula sa langit" (1 Tesalonica 1:9–10). Ang tunay na pagsisisi ay pagtalikod sa mga bagay, mga tao, at mga gawaing pinahahalagahan natin nang higit sa Diyos (mga diyus-diyosan). Kasunod nito ay ang paglapit sa Diyos dahil siya na ang nakikita nating pinakamahalaga sa lahat na dapat sambahin at paglingkuran. Tulad ng sinasabi ng *Westminster Shorter Catechism*:

> Ang pagsisisi tungo sa buhay ay isang nakapagliligtas na biyaya, kung saan ang isang makasalanan, dahil sa kanyang tamang pagkakilala sa kanyang kasalanan, at pagkaunawa sa awa ng Diyos na nakay Cristo, ay tumalikod mula dito patungo sa Diyos, nang may kalungkutan at pagkamuhing dahil sa kanyang kasalanan, at may buong layunin at kasunod na pagsisikap sa isang panibagong pagsunod.

Si Jesus ang una, hindi ang kagustuhan ko

Balikan natin ang sinabi ni Jesus sa Marcos 8:34-35:

Ang sinumang nagnanais *sumunod sa akin* ay kinakailangang itakwil niya
ang kanyang sarili, pasanin ang kanyang krus, at *sumunod sa akin.* 35 Ang
sinumang nagnanais na magligtas ng kanyang buhay ay mawawalan nito;
ngunit ang mawalan ng kanyang buhay alang-alang sa akin at sa
Magandang Balita ay magkakamit nito.

Kung sumusunod tayo kay Jesus, ibig sabihin, siya ang nasa unahan. Hindi puwedeng tayo ang nauuna. *Ano ang ibig sabihin na unahin si Jesus o ilagay siya sa unahan?* Kung tunay ang aking pagsisisi, nangangahulugang ang kanyang kalooban o kagustuhan muna bago ang sa akin. Kung meron man akong gusto na taliwas sa gusto niya, siya ang masusunod at hindi ako.

Maihahalintulad ito sa paglipat ng bahay. Lumipat ka ng bahay, minsanan lang iyon. Katumbas ito ng tinatawag ng Bibliya na muling-kapanganakan (new birth/regeneration). Ito ang panahon na nagkaroon tayo ng bagong puso at bagong buhay. Ngunit paglipat mo ng bahay, palagian at tuluy-tuloy ang renovation o pagsasaayos. Ganoon din sa buhay-Cristiano. Maraming kuwarto sa bagong bahay natin ang dapat ayusin, linisin at pagandahin. Ito ang tinatawag na pagpapabanal (sanctification), na gawa ng Espiritu ng Diyos para ang bawat bahagi ng buhay natin ay maging sang-ayon sa magandang disenyo ng Diyos para sa atin. Ang pagsisisi ang pasimula ng pagsusuko mo ng sarili mo upang si Jesus ang maging Panginoon at Hari ng lahat ng bahagi ng buhay mo.

Si Jesus ang una, hindi ang ambisyon ko

Lahat tayo ay may ambisyon sa buhay. Ambisyong yumaman,

magkaroon ng magandang pamilya, sumikat o maging popular, at magkaroon ng malaking impluwensiya sa maraming tao. Hindi masamang mangarap. Pero kung ikaw ay susunod kay Jesus, siya dapat palagi ang una, hindi ang mga ambisyon natin o hangarin sa buhay na pansarili, makamundo at wala si Jesus sa sentro. Sinasabi ni Jesus na hindi makakabuti sa atin ang maghangad na makamtan ang maraming bagay o mga kasiyahan dito sa mundo: "Sapagkat ano ba ang mapapala ng isang tao makamtan man niya ang buong daigdig, ngunit mapapahamak naman ang kanyang sarili? 37Ano ba ang maibabayad ng isang tao para mabawi niya ang kanyang buhay" (Marcos 8:36-37)?

Hindi sinasabi ni Jesus na masama ang mga bagay sa mundo tulad ng pamilya, edukasyon, kayamanan o popularidad. Ngunit nagiging masama ang mga ito, at sa gayon ay ikapapahamak natin, kung ang mga ito ang maghahari o mangunguna sa atin na higit sa pangunguna ni Jesus sa buhay natin. Tulad halimbawa ng pera, sabi ni Pablo tungkol dito, "Sapagkat ang pag-ibig sa salapi ay ugat ng lahat ng kasamaan. Dahil sa paghahangad na yumaman, may mga taong nalalayo sa pananampalataya at nasasadlak sa maraming kapighatian" (1 Timoteo 6:10).

Si Jesus ang una, hindi ang reputasyon ko

Hindi palaging madaling unahin si Jesus. Kasi isinasaalang-alang natin ang pangalan o reputasyon natin sa ibang tao. Gusto nating maging popular. Ayaw nating may masabi ang ibang tao na masama o negatibo laban sa atin. Lalo pa naman tayong mga Filipino na *shame-based* ang kultura natin. Naririnig sa bokabularyo natin ang, "Nakakahiya kasi…" o "Baka mapahiya ako…" Ito ang karaniwang problema ng mga taong matagal na o tumanda na sa relihiyong

kinagisnan nila.

Sabi ni John Stott: "Either we are unfaithful in order to be popular, or we will look unpopular in order to be faithful. We can't be both." ("Tayo'y hindi magiging tapat at sa gayon ay maging katanggap-tanggap sa tao, o kaya'y tayo'y lalabas na hindi katanggap-tanggap sa tao at sa gayon ay magiging tapat. Hindi maaaring pareho.")

Kung ikaw ay tagasunod ni Jesus, hindi puwedeng tahimik ka lang, hindi rin puwedeng nakatago ka lang. May babala si Jesus sa mga taong ikinakahiya siya at inuuna ang sarili nilang reputasyon kaysa kay Jesus. Sabi niya, "Kapag ikinahiya ninyo ako at ang aking mga salita sa harap ng mga taksil at makasalanang mga tao sa panahong ito, ikakahiya rin kayo ng Anak ng Tao pagparito niya na taglay ang dakilang kapangyarihan ng kanyang Ama, at kasama ang mga banal na anghel" (Marcos 8:38).

Nakita natin sa Marcos 8:34-38 na ang pagsunod kay Jesus ay nangangahulugang siya ang una. Hindi ang sarili mong kagustuhan, kundi kung ano ang gusto o kalooban niya sa buhay mo. Hindi ang sarili mong ambisyon, kundi ang kanyang misyon. Hindi ang sarili mong reputasyon, kundi ang makilala at maging tanyag ang pangalan ni Jesus sa lahat ng tao.

Ang isang taong sarili niya (dahil sa kasalanan) ang nasa sentro, sarili niya ang palaging una. Pero ang isang tunay na Cristiano, isang tunay na tagasunod ni Jesus, kay Jesus tumitingin at siya ang inuuna sa lahat ng bahagi ng kanyang buhay.

Si Jesus ang una, hindi ang pagmamataas ko

Ngunit marami ang nagdadalawang-isip bago magpasakop sa

Diyos, dahil 'yan sa pride o pagtataas ng sarili. Pero kailangan nating mag-isip-isip na mabuti, dahil wala namang kahahatungang maganda ang pride natin. Iyan ang dahilan kung bakit si Satanas ay nagrebelde sa Diyos at mauuwi sa kapahamakan. Iyan ang dahilan kung bakit si Adan at si Eba ay sumuway sa Diyos, na siyang ikinapahamak nila at ng lahat ng taong nanggaling sa kanila. Sabi sa Kawikaan 16:18, "Ang kapalalua'y humahantong sa pagkawasak, at ang mapagmataas na isipan ay ibabagsak."

Ang kapahamakang tinutukoy dito ay hindi lang mga problema sa buhay natin ngayon. Mas malala pa doon ang haharapin ng sinumang dahil sa pagmamataas ay ayaw sumunod at magpasakop kay Jesus.

Kung ang kamay mo ang nagiging sanhi ng iyong pagkakasala, putulin mo ito! Mas mabuti pa ang magkaroon ng buhay na putol ang isang kamay, kaysa may dalawang kamay *na mapunta ka sa impiyerno, sa apoy na hindi namamatay.* 45-46 Kung ang paa mo ang nagiging sanhi ng iyong pagkakasala, putulin mo ito! Mabuti pa ang magkaroon ng buhay na putol ang isang paa, kaysa may dalawang paa *na mapunta ka sa impiyerno.* 47 At kung ang isang mata mo ay nagiging sanhi ng iyong pagkakasala, dukitin mo ito! Mabuti pang pumasok ka sa kaharian ng Diyos na kulang ng isang mata, kaysa may dalawang matang *itapon ka sa impiyerno.* 48 *Doo'y hindi namamatay ang mga uod at ang apoy* (Marcos 9:43-48).

Bagamat hindi literal ang tinutukoy ditong pagputol ng kamay, pagputol ng paa at pagdukit ng mata, nagpapakita ito kung gaano kahirap sa atin talikuran ang sarili at sumunod kay Jesus. At nakapangingilabot na totoong may literal na impiyerno, na siyang nakalaan sa sinumang magpapatuloy sa pagrerebelde sa Diyos. Ganyan kalala ang problema natin. Kaya't kailangan ng matinding operasyon (surgery) upang matanggal ang kasalanan sa buhay natin.

Anong gustong sabihin sa iyo ng Panginoon? Huwag mong hayaang ang buhay mo ay patungo sa kapahamakan. Huwag mong hayaang mapahamak ang kaluluwa mo. Magpasakop ka kay Jesus bilang Hari ngayon din! Hahadlangan ba ng pagmamataas mo ang paanyaya ng Diyos na magpasakop ka sa kanya at sa gayon ay tumanggap ng kaligtasang galing din sa kanya?

Mahirap ba?

Maaaring sabihin ng iba, "Ang mga sinasabi mo - tungkol sa pagpapasakop, sa pagtakwil ng sarili - lahat 'yan napakahirap." Pero teka, hindi naman ako ang nagsabi nito. Si Jesus ang nagsabi nito. Nasasayo kung makikinig ka at maniniwala sa sinasabi niya.

Ganito din ang reaksyon ng lalaking mayaman sa Marcos 10. Lumapit siya kay Jesus dahil gusto daw niyang magkaroon ng buhay na walang-hanggan. Kaso, nang sabihin ni Jesus na ipagbili niya ang lahat ng kanyang mga ari-arian, ipamigay sa mahihirap at siya'y sumunod sa kanya, nalungkot siya. Bakit? Dahil siya'y "lubhang napakayaman" (v. 22). Mahal na mahal niya ang kayamanan niya. Ito ang dinidiyos niya. Para sa lalaking iyon, at para sa lahat sa atin, mahirap talagang iwanan ang mga bagay na nakatali sa puso natin.

Kaya sabi ni Jesus, "Talagang napakahirap na makapasok sa kaharian ng Diyos" (v. 24). Hindi madali, hindi mahirap, hindi rin napakahirap. Imposible! "Mas madali pang dumaan ang kamelyo sa butas ng karayom kaysa isang mayaman na pumasok sa kaharian ng Diyos" (v. 25). Imposible sa tao, siyempre. Pero sa Diyos? "Hindi ito kayang gawin ng tao, ngunit hindi ito imposible sa Diyos. Sapagkat ang lahat ng bagay ay kayang gawin ng Diyos" (v. 27).

Narito ang panawagan ni Jesus sa lahat sa atin na hindi

magtiwala sa sarili natin. Hindi naman kasi natin kaya. Kundi magtiwala sa Diyos. May pangako siya. Anumang iniwan natin, gaano man kalaki, gaano man kaganda, gaano man ang halaga sa atin, higit pa ang gantimpalang nakalaang tanggapin natin kung tayo ay susunod kay Jesus. Nang sabihin ni Pedro kay Jesus, "Tingnan po ninyo, iniwan na namin ang lahat at kami'y sumunod sa inyo" (v. 28), heto ang sagot niya:

> Tandaan ninyo: ang sinumang nag-iwan ng kanyang tahanan, o mga kapatid, mga magulang, mga anak, mga lupain, dahil sa akin at sa Magandang Balita, 30 ay *tatanggap sa buhay na ito ng isandaang ulit pa ng mga iyon*; mga bahay, mga kapatid, mga ina, mga anak, at mga lupain, ngunit may kalakip na pag-uusig. At sa panahong darating, *magtatamo siya ng buhay na walang hanggan*. 31 Ngunit maraming nauuna na mahuhuli, at maraming nahuhuli ang mauuna" (vv. 29-31).

Hindi ipinangako ni Jesus ang isang buhay na madali at walang problema. Ang pagiging tunay na Cristiano ay hindi lamang nangangahulugan ng kaginhawaan sa buhay. Kung kasama si Cristo, kasama din dito ang mga pag-uusig. Ngunit ipinangako din niya (1) sa buhay ngayon, ang gantimpalang "isandaang ulit" ang higit sa mga paghihirap na daranasin natin; at (2) sa kabilang buhay, bibigyan tayo ng buhay na walang hanggan. Di ba't napakagandang pangako nito? Mayroon pa bang hihigit na pangako kaysa sa pangako ng buhay na walang hanggan?

Kapahingahan

Sa pag-aaral ngayon, natuklasan nating para maging isang tunay na Cristiano, kailangang si Jesus ang una. Kaakibat nito ang pagtalikod mula sa kasalanan, pagtitiwala sa kanya at sa kanyang mga pangako, at paglalakbay sa buhay na ito na kasa-kasama siya. Ito ang

ibig sabihin ng pagiging disciple o tagasunod ni Jesus. Ito ay pagtugon sa paanyaya ni Jesus:

Lumapit kayo sa akin, kayong lahat na nahihirapan at nabibigatang lubha sa inyong pasanin, at kayo'y bibigyan ko ng kapahingahan. 29 Pasanin ninyo ang aking pamatok at sundin ninyo ang aking mga itinuturo sapagkat ako'y maamo at mapagkumbabang loob. Matatagpuan ninyo sa akin ang kapahingahan 30 sapagkat madaling dalhin ang aking pamatok at magaan ang pasaning ibinibigay ko sa inyo (Mateo 11:28-30).

Nahihirapan ka na ba? Nabibigatan ka na ba sa pasanin mo sa buhay? Sa pagtatangkang gawin ang lahat sa sarili mong sikap? Sa pagsunod sa mga utos at mga tradisyong di mo naman kayang gawin? Gusto mo ba ng kapahingahan? Kung oo, lumapit ka kay Jesus. Makinig ka sa kanya. Maniwala ka sa kanya. Sumunod ka sa mga utos niya. Wala nang ibang buhay na hihigit pa sa buhay ng isang tagasunod ni Jesus.

Sa susunod na pag-aaral

Sa susunod na pag-aaral, patuloy nating sasagutin ang tanong na "Sino ang Tunay na Cristiano?" Kaakibat ng tunay na pagsisisi ang tunay na pananampalataya. Iyan ang titingnan natin sa susunod. Bago iyon, puwede mo ring basahin ang Marcos 1:8; 2:10; at 10:30. Sa mga talatang ito, anu-anong kaloob ang ipinangakong ibibigay ng Diyos sa sinumang nagsisisi at nananampalataya?

Chapter 6 – Ano ang Tunay na Cristiano? Nananampalataya

Kabutihang-loob ng Diyos

Wow. Nandito na tayo sa huling bahagi ng ating pag-aaral. Ang panalangin natin ay, sa pamamagitan nito, matutunan mo ang tunay na kahulugan ng pagiging Cristiano sa pamamagitan ng pagsasaliksik sa buhay ni Jesus, sa kanyang mga katuruan, at mga ipinapahayag ni Cristo tungkol sa sarili niya. Sa puntong ito, ang tanong na sinasagot na natin ay, "Ano ang isang tunay na Cristiano?" Nakita natin, sa unang tatlong pag-aaral, na ito ay nakabatay sa upuang tatlo ang paa, sa kung sino si Jesus at ano ang ginawa niya para sa atin.

Sa unang paa (Aralin 1) ay ang pagiging Diyos ni Jesus tulad ng Ama na nagbigay sa kanya ng awtoridad (1) bilang guro, (2) sa sakit, (3) sa kamatayan, (4) sa kalikasan, (5) sa masasamang espiritu, (6) sa kasalanan, at (7) sa tao.

Ang ikalawang paa (Aralin 2) naman ay ang katotohanang si Jesus ay hindi lamang isang magaling na guro, gumagawa ng himala at Anak ng Diyos. Ngunit siya rin ay naparito at mamatay bilang kapalit natin para sa kabayaran ng ating kasalanan. Pinaparusahan ng Diyos ang kasalanan, ibinalik tayo sa kanya sa pamamagitan ng pagtubos ni Jesus.

Ang ikatlong paa (Aralin 3) ay ang muling pagkabuhay ni Jesus na nagpapahayag ng kanyang tagumpay sa kasalanan at kamatayan. Dahil dito, may katiyakang tayo'y muling bubuhayin, hahatulan ni Jesus, at hahatiin ang mga matutuwid sa masasama kung saan ang paghahati ay pangsawalang-hanggan.

Sa ika-apat na aralin naman, binigyang diin na tayo'y naligtas, hindi dahil sa ating ginawang kabutihan o katuwiran, kundi sa pamamagitan lang ng kabutihang-loob at pag-ibig ng Diyos, sa pamamagitan lang ng pananampalataya kay Jesus.

Pananampalataya *(Faith)*

Sa nakaraang aralin, nakita natin ang unang bahagi ng sagot sa tanong na "Ano ang tunay na Cristiano?" Batay ito sa Marcos 1:15, kung saan ipinahayag ni Jesus na, "Dumating na ang takdang panahon. Malapit nang maghari ang Diyos! Kaya magsisi na kayo't talikuran ang inyong mga kasalanan. Paniwalaan na ninyo ang Magandang Balita!" Ang isang tunay na Cristiano ay naging kabilang sa Kaharian ng Diyos sa pamamagitan, una, ng pagsisisi. Ang pagsisisi ay ang pagkamuhi at pagtalikod sa kasalanan, at paglingon patungo sa pagsunod kay Cristo. Ikalawa, at hindi ito puwedeng ihiwalay sa una, ay ang paniniwala sa Magandang Balita o pagtitiwala kay Jesus bilang Panginoon at Tagapagligtas.

Kung ito ang ibig sabihin ng tunay na Cristiano, mali ang kaisipan ng marami na sinasabing ang mga Cristiano ay siyang nagbabasa ng Bibliya, nananalangin, nagsisimba at nagpabautismo. Iyon ay mga gawain ng isang Cristiano pero hindi iyon ang pangunahin. Hindi rin ito naniniwala sa basta kung anu-ano lang. Ito ay paniniwala sa Magandang Balita ni Jesus. Na siya ay tunay na Diyos at tunay na tao, na siya'y namatay sa krus at binayaran ang mga kasalanan natin, na siyang muling nabuhay at nagtagumpay laban sa kasalanan at kamatayan.

Ano ang ibig sabihin ng paniniwala, o pagkakaroon ng pananampalataya (*faith*) kay Jesus? Ibig sabihin ba ng

pananampalataya ay pagtanggap sa mga bagay na walang basehan (*blind acceptance*)? Ang pananampalataya ba ay para lamang sa mga hindi nag-iisip, mga hindi nakapag-aral, o ang tunay na pananampalataya ay base sa tamang pag-iisip at ayon sa kung ano ang mabuti? Ito ba ay simpleng paniniwala lang, o ang tamang kaalaman at pagtitiwala ay nakapaloob din dito? Ito ang mga tanong na susubukan nating sagutin ngayon.

Pagtitiwala kay Jesus at sa kanyang salita

Tingnan mong mabuti kung paano nakita ang ganitong pananampalataya sa tugon ni Jairo kay Jesus patungkol sa kanyang anak na nag-aagaw-buhay.

Si Jesus ay sumakay sa bangka at bumalik sa kabilang ibayo. Nasa baybayin pa lamang siya ng lawa ay dinumog na siya ng napakaraming tao. 22 Naroon din ang isang tagapamahala ng sinagoga na ang pangalan ay Jairo. Pagkakita kay Jesus, siya'y lumuhod sa paanan nito 23 at nagmamakaawa, *"Nag-aagaw-buhay po ang anak kong dalagita. Maawa po kayo, sumama kayo sa akin at ipatong ninyo sa kanya ang inyong kamay upang siya ay gumaling at mabuhay!"* 24 Sumama naman si Jesus. Ngunit sumunod din sa kanya ang napakaraming tao, kaya't halos maipit na siya.

35 Habang nagsasalita pa si Jesus, may ilang taong dumating mula sa bahay ni Jairo. "Patay na po ang inyong anak. Huwag na po ninyong abalahin ang Guro," sabi nila. 36 Ngunit nang marinig ito ni Jesus, sinabi niya kay Jairo, *"Huwag kang mawalan ng pag-asa; manampalataya ka lamang."* 37 Walang isinama si Jesus noon maliban kina Pedro at ang magkapatid na Santiago at Juan. 38 Nang dumating sila sa bahay ni Jairo, nakita ni Jesus na nagkakagulo ang mga tao, may mga nag-iiyakan at nananaghoy. 39 Pagpasok niya ay kanyang sinabi, "Bakit kayo nagkakagulo at nag-iiyakan? Hindi patay ang bata. Siya'y natutulog lamang." 40 Dahil sa sinabi niya, pinagtawanan siya ng mga tao. Subalit pinalabas niya ang lahat maliban sa tatlong alagad at sa mga magulang ng bata, at pumasok sila sa kinaroroonan

ng bata. 41 Hinawakan ni Jesus ang kamay ng bata at sinabi, "Talitha koum," na ang ibig sabihi'y "Ineng, bumangon ka!" 42 Noon di'y bumangon ang bata at lumakad, at labis na namangha ang lahat. Ang batang ito'y labindalawang taóng gulang na. 43 Mahigpit na ipinagbilin ni Jesus na huwag nilang sasabihin kaninuman ang nangyari. Pagkatapos, iniutos niyang bigyan ng pagkain ang bata (Marcos 5:21-24, 35-43).

Sa simula pa lang ng kuwento, lumapit si Jairo kay Jesus dahil naniniwala siyang may kapangyarihan si Jesus na magpagaling ng sakit sa pamamagitan ng kanyang salita. Dahil dito, lumuhod siya sa harapan ni Jesus at nagmamakaawang sinabi, "Nag-aagaw-buhay po ang anak kong dalagita. Maawa po kayo, sumama kayo sa akin at ipatong ninyo sa kanya ang inyong kamay upang siya ay gumaling at mabuhay" (v. 23)! Nang mabalitaan ni Jairo na patay na ang bata, sa halip na mawalan ng pag-asa, sinabi ni Jesus, "Huwag kang mawalan ng pag-asa; manampalataya ka lamang" (v. 36).

Sa sinabing ito ni Jesus, nagtiwala si Jairo. Hindi siya nawalan ng pag-asa. Hindi niya pinagtawanan si Jesus. May kasabihan ang mga Filipino, "Habang may buhay, may pag-asa." Pero ang pananampalataya kay Jesus, kahit patay na, may pag-asa. Dahil si Jesus ay may kapangyarihan hindi lang sa sakit, kundi maging sa kamatayan. Ang pananampalataya kay Jesus ay pagtitiwala sa mga salita niya. Na gagawin niya kung ano ang sinabi niyang gagawin niya, kahit pa ito ay imposible sa tao tulad ng pagbangon ng isang patay.

Sa panahon ng kahirapan o kalungkutan o takot, hindi dapat madaig ng ganitong mga pakiramdam ang pananampalataya kay Jesus. Ang pananampalataya ay hindi nakabase sa kung anong nararamdaman natin (bagamat magkaugnay ito), kundi ito ay nakaugat sa mga makasaysayang mga katotohanan patungkol sa mga

sinabi at ginawa ni Jesus.

Kung magtitiwala tayo nang lubos sa ating mga pakiramdam o emosyon, o ipipikit natin ang ating mga mata at susubukang lumakad nang nag-iisa lang, anumang "pananampalataya" na sinasabi nating mayroon tayo ay mawawalan ng direksiyon, magiging mahina, at kapag lumaon ay mabibigo din tayong panghawakan. Ang pananampalataya ay nakaugat sa mga katotohanang tungkol kay Cristo. Ang pakiramdam ay nakaugnay sa pananampalataya, ngunit hindi dapat magiging gabay ng pananampalataya.

Mas kilala natin si Jesus kaysa kay Jairo, di ba? Di ba't mas matibay ang basehan ng ating pananampalataya kay Cristo? Anumang sitwasyon ang kinahaharap mo, anuman ang nararamdaman mo ngayon, magtiwala ka kay Jesus at sa kanyang mga salita.

Pagtitiwala kay Jesus bilang Panginoon mo, hindi lang Tagapagligtas

Makikita naman natin ito sa nangyari habang si Jesus ay naglalakbay papunta sa bahay ni Jairo.

Ngunit sumunod din sa kanya ang napakaraming tao, kaya't halos maipit
na siya. 25 Kasama rin doon ang isang babaing labindalawang taon nang
dinudugo. 26 Hirap na hirap na siya sa sakit na iyon, at marami nang
doktor ang sumuri sa kanya. Naubos na ang kanyang ari-arian sa
pagpapagamot ngunit hindi pa rin siya gumagaling. Sa halip, lalo pang
lumala ang kanyang karamdaman. 27 Nabalitaan niya ang tungkol kay Jesus
kaya't nakipagsiksikan siya hanggang sa makalapit sa likuran ni Jesus, at
hinipo ang damit nito, 28 sapagkat iniisip niyang: *"mahipo ko lang ang*
kanyang damit, gagaling na ako." 29 Agad ngang tumigil ang kanyang
pagdurugo at naramdaman niyang magaling na siya. 30 Naramdaman
naman ni Jesus na may kapangyarihang lumabas sa kanya, kaya't bumaling
siya agad sa mga tao at nagtanong, "Sino ang humipo sa aking damit?" 31

Sumagot ang kanyang mga alagad, "Nakikita po ninyong napakaraming nagsisiksikan sa paligid ninyo, bakit pa ninyo itinatanong kung sino ang humipo sa damit ninyo?" 32 Subalit patuloy na lumingun-lingon si Jesus sa paghahanap sa kung sinong humipo sa damit niya. 33 Palibhasa'y alam ng babae ang nangyari, *siya'y nanginginig sa takot na lumapit kay Jesus, nagpatirapa, at ipinagtapat ang buong katotohanan.* 34 Subalit sinabi sa kanya ni Jesus, *"Anak, pinagaling ka ng iyong pananampalataya. Umuwi ka na at ipanatag mo ang iyong kalooban. Ikaw ay magaling na"* (Marcos 5:24b-34).

Tulad ni Jairo, ang babae sa kuwentong ito ay larawan din ng tunay na pananampalataya kay Jesus. Alam niyang si Jesus ay makapagbibigay ng kagalingan sa kanya, kagalingang hindi niya matagpuan sa sinumang doktor na nilapitan na niya. Si Jesus lang ang Tagapagligtas, alam niya ito. Kaya sabi niya, "Mahipo ko lang ang kanyang damit, gagaling na ako" (v. 28). Si Jesus mismo ang nagsabi na siya'y gumaling dahil sa pananampalataya niya kay Jesus, "Anak, pinagaling ka ng iyong pananampalataya" (v. 34). Ang pananampalataya ay tulad ng pag-abot ng ating kamay kay Jesus, pagkilala na siya ang kailangan natin para magkaroon tayo ng kagalingan sa kasalanang umaalipin sa atin.

Pinagaling ni Jesus ang babae ngunit nais ni Jesus na hindi matago ang pananampalataya ng babaeng ito. Gusto ni Jesus na lumantad siya sa mga tao at ipakita ang kanyang pagpapasakop kay Jesus bilang Panginoon. Na siya din namang makikita natin sa reaksyon ng babae, "Siya'y nanginginig sa takot na lumapit kay Jesus, nagpatirapa, at ipinagtapat ang buong katotohanan" (v. 33). Kinilala niya si Jesus hindi lang bilang isang Tagapagligtas, kundi bilang Panginoong karapat-dapat sundin, sambahin at pag-alayan ng buhay. Ang pananampalataya ay pagtitiwala at pagsunod kay Jesus anuman ang kahinatnan o maging resulta nito. Ito ay pagsunod sa kanyang

panawagan:

Ang sinumang nagnanais sumunod sa akin ay kinakailangang itakwil niya ang kanyang sarili, pasanin ang kanyang krus, at sumunod sa akin…Kapag ikinahiya ninyo ako at ang aking mga salita sa harap ng mga taksil at makasalanang mga tao sa panahong ito, ikakahiya rin kayo ng Anak ng Tao pagparito niya na taglay ang dakilang kapangyarihan ng kanyang Ama, at kasama ang mga banal na anghel (Marcos 8:34, 38).

Buong pagtitiwala tulad ng isang bata

Hindi sapat na alam mo lang ang mga katotohanan tungkol kay Jesus. Ang tunay na pananampalataya ay hindi lang pagkakaroon ng tamang "kaalaman" kundi ng pagtatalaga ng sarili kay Jesus o personal commitment. Ginamit ni Jesus na larawan ng pananampalatayang ito ang isang bata:

May mga taong nagdala ng mga bata kay Jesus upang hilinging ipatong niya sa mga ito ang kanyang kamay, ngunit pinagalitan sila ng mga alagad. 14 Nagalit si Jesus nang makita ito at sinabi sa kanila, "Hayaan ninyong lumapit sa akin ang mga bata, at huwag ninyo silang pagbawalan, *sapagkat ang mga katulad nila ang mapapabilang sa kaharian ng Diyos.* 15 Tandaan ninyo: *ang sinumang hindi kumikilala sa paghahari ng Diyos, tulad sa pagkilala ng isang maliit na bata, ay hinding-hindi paghaharian ng Diyos.*" 16 Kinalong ni Jesus ang mga bata, ipinatong ang kanyang mga kamay sa kanila at binasbasan sila (Marcos 10:13-16).

True saving faith is child-like faith. Bakit tulad ng isang bata ang pananampalatayang makapagdadala sa atin sa kaharian ng Diyos? Ang isang bata, lalo na ang mga sanggol, ay hindi sa sarili nila nagtitiwala. Hindi nila kayang magtrabaho para mapakain ang sarili nila. Hindi nila kayang proteksiyunan ang sarili nila. Hindi nila kayang mabuhay mag-isa. Kailangan nila ng tatay at nanay. Ang pananampalataya kay Jesus ay pagkilala na sa sarili natin hindi tayo mabubuhay, hindi tayo

maliligtas, wala tayong patutunguhan. Kailangan natin si Jesus. Ang buong buhay natin ay ipagkakatiwala natin kay Jesus.

Maihahalintulad ito sa isang pangyayari sa buhay ni Charles Blondin, 150 taon na ang nakararaan (www.discipleship.org):

Si Charles Blondin ay sobrang namamangha sa Niagara Falls. Dahil doon, pinasya niyang tawirin iyon sa pamamagitan ng isang lubid. Kaya gumawa siya ng lubid na 335 metro ang haba, 50 metro ang taas sa Niagara Falls, at sinabi niyang tatawid siya sa magkabilang-dulo nito. Marami na siyang mga fans. Kaya 100,000 katao ang pumunta para panoorin siyang tumawid sa Niagara Falls, dahan-dahan, bawat hakbang. Nararamdaman mo na ba ang drama kung panonoorin mo 'to?

Buhay at kamatayan ang nakasalalay dito. Walang sasalo sa kanya kapag nahulog siya. Sa unang pagtatangka pa lang niya, nakatawid siya. Maraming nanonood at nagpipicture pa, kaya ginawa niya ulit. Ngayon naman may dala siyang camera at kinukuhanan pa ng litrato ang mga tao habang sila din ay ganoon ang ginagawa sa kanya. Inulit pa niya at may dala namang upuan. Pagkatapos, inulit niya at may dala namang karitela (*wheelbarrow*). Nagsisigagawan na sa tuwa ang mga tao.

Pagbalik niya dala ang karitela, hinarap niya ang mga tao at tinanong, "Naniniwala ba kayong kaya kong gawin 'to?" Siyempre naman, lahat sila naniniwala. Tapos tinanong niya sila, "Ngayon, sino ang sasakay sa karitelang ito?" Tapos, tumahimik na lahat. Lahat sa 100,000 tao ay tahimik lang…maliban na lang sa isang lalaking ang pangalan ay Harry Colcord, na nakakakilala sa kanya. Dati na siyang nagtrabaho para sa kanya. Sumakay siya sa karitela…dahan-dahan…bawat hakbang. Na-iimagine mo ba? Nakarating sila sa dulo!

Nagsigawan na naman sa tuwa ang mga tao, pero di naman sila sumakay sa karitela. Lahat pumapalakpak kay Charles Blondin, pero isang tao lang ang may sapat na tiwala sa kanya para itawid siya sa lubid. Hindi humarap si Jesus sa mga tao at sinabing, "Hangaan n'yo ako." Ang sabi niya, "Sumunod kayo sa akin." Sinabi niya, "Kung sinuman ang gustong maging

tagasunod ko, itakwil niya ang kanyang sarili, pasanin ang kanyang krus, at sumunod sa akin."

"Sumakay ka sa karitela at hayaan mong dalhin kita sa kabilang dulo."

Linawin natin ang pinag-uusapan natin. Masasabi ba sa iyo na ikaw ay tunay na tagasunod ni Jesus (disciple)? Ang mga tunay na "disciples", sumusunod kay Jesus, ang buhay nila ay umiikot kay Jesus at binabago ni Jesus, at tapat nilang ibinibigay ang kanilang buhay para sa misyon ni Jesus (Mateo 4:19).

Ang tunay na pananampalataya ay hindi lamang paniniwala sa magagawa ng isang tao, ito ay pagtitiwala na umaabot sa punto na maging ang buong buhay mo ay ipagkakatiwala mo sa kanya. Ito ang panawagan ni Jesus.

Pag-unawa sa pagtanggap ng Diyos sa akin

At kung ikaw ay isang tagasunod ni Jesus, nauunawaan mo at pinaniniwalaan mong tinanggap ka na ng Diyos. Dahil ikaw ay nakay Cristo na, sa pamamagitan ng pagsisisi at pananampalataya, you are now fully accepted by God. Bago na ang estado mo sa buhay. Wala ka na sa kamatayan, may bagong buhay ka na. "Kaya nga, hindi na hahatulang maparusahan ang mga taong nakipag-isa na kay Cristo Jesus" (Roma 8:1).

Si Jesus mismo ang nagsabi, "Pakatandaan ninyo: ang nakikinig sa aking salita at sumasampalataya sa nagsugo sa akin ay may buhay na walang hanggan. Hindi na siya hahatulan, sa halip ay inilipat na siya sa buhay mula sa kamatayan" (Juan 5:24). Bukod pa doon, tinanggap ka ng Diyos bilang kanyang anak. Meron ka nang bagong relasyon sa kanya. "Subalit ang lahat ng tumanggap at sumampalataya sa kanya ay binigyan niya ng karapatang maging mga anak ng Diyos"

(Juan 1:12).

Tatlong sangkap ng pananampalataya

Ang pagtitiwala o tunay na pananampalataya ay hindi bulag na paniniwala sa mga bagay na walang basehan. Hindi rin ito nakaugat sa mga pakiramdam lang o haka-haka ng mga tao. Hindi rin ito para lamang sa mga mahihirap at mga walang pinag-aralan. Ang tunay na pananampalataya ay nakaugat sa mga makasaysayang katotohanan tungkol sa Jesu-Cristo. Kabilang sa tunay na pananampalataya ang:

Kaalaman (*Knowledge*). Ito ang upuang tatlo ang paa. Ito ang pag-unawa sa katotohanang si Jesus ang Anak na Diyos, tunay na tao at tunay na Diyos, na namatay para sa kasalanan at nabuhay mula sa mga patay.

Pananalig (*Conviction*). sa ginawa ng Diyos para sa atin sa pamamagitan ni Jesus. Inaamin nating tayo'y mga makasalanang nangangailangan ng isang Tagapagligtas.

Pansariling Pagtitiwala (*Trust*). Ito ang pagtitiwalang hindi ikinakahiya, pagtitiwalang tulad ng isang anak sa kanyang mapagmahal na magulang, at pagtitiwalang tinanggap na ako ng Diyos sa kanyang Kaharian at itinuturing na matuwid sa pamamagitan ng aking pagsisisi sa kasalanan at pagtitiwala sa kanya.

Mga kaloob ng Diyos

Ang kaligtasan ay isang regalo mula sa Diyos. Dapat lang na mag-umapaw ang puso natin sa pasasalamat sa regalong ito. At kung bubuksan natin ang regalong ito, anu-ano ang makikita nating nakapaloob dito?

Kapatawaran ng kasalanan. "…ang Anak ng Tao ay may

kapangyarihang magpatawad ng mga kasalanan dito sa lupa…" (Marcos 2:10). Lahat ng kasalanan natin pinatawad na. Wala na tayong utang sa Diyos. Wala nang dapat bayaran. Wala nang dapat panagutan. Wala na tayong maidadagdag sa ginawa ni Jesus para maging katanggap-tanggap sa Diyos. "It is finished" (John 19:30 ESV)!

Buhay na walang hanggan. "Tandaan ninyo: ang sinumang nag-iwan ng kanyang tahanan, o mga kapatid, mga magulang, mga anak, mga lupain, dahil sa akin at sa Magandang Balita, 30 ay tatanggap sa buhay na ito ng isandaang ulit pa ng mga iyon; mga bahay, mga kapatid, mga ina, mga anak, at mga lupain, ngunit may kalakip na pag-uusig. At sa panahong darating, *magtatamo siya ng buhay na walang hanggan*" (Marcos 10:29-30). Mula sa buhay ngayon, hanggang sa tayo'y mamatay at mapunta sa langit, hanggang sa pagbabalik ni Jesus, mag-uumapaw ang kagalakan natin dahil makakasama natin siya magpakailanman.

Banal na Espiritu. Sinabi ni Juan tungkol kay Jesus, "Binautismuhan ko kayo sa tubig, ngunit babautismuhan niya kayo sa *Espiritu Santo*" (Marcos 1:8). Ang Espiritu ang ikatlong persona ng iisang Diyos. Diyos Ama, Diyos Anak, Diyos Espiritu. Sa lahat ng sumusunod kay Jesus, ibinigay niyang regalo ang Espiritu. Nasa atin mismo ang presensiya ng Diyos. Nananahan ang Diyos sa iyo. Ang pinakamalaking regalo ng Diyos sa kaligtasan ay hindi kapatawaran ng kasalanan o buhay na walang hanggan. Pinakamainam na regalo ang kanyang sarili. Ang mabuting balita ay mabuti dahil ibinigay sa atin ng Diyos ang pinakamabuti sa lahat, walang iba kundi ang kanyang sarili.

Anong desisyon mo?

Ito ang mabuting balita, ang ebanghelyo (gospel) ni Jesu-Cristo - hindi lang para sa akin o para sa iba, ngunit ang balitang ito ay para rin sa iyo. Nananawagan si Jesus sa bawat isa sa atin na magsisi at maniwala sa mabuting balita, magtiwala sa kanya. Kung hindi, tiyak ang walang-hanggang parusang mararanasan natin sa impiyerno dahil sa hatol ng Diyos.

Ang pagsisisi at pananampalataya ay isang pansariling pagpapasya. Hindi maaaring iba ang gumawa nito para sa iyo. Sa mga nagdaang aralin natin, tinanong ko, "Sa anong basehan tatanggapin ka ng Diyos sa kanyang Kaharian?" Ang maling sagot ay, "Base sa aking sarili at sa ginawa kong kabutihan." Ngayon anong gagawin mo? Magtitiwala ka ba sa katuwiran ni Cristo, o sa iyong mga mabubuting gawa na maruming basahan lang sa harapan ng Diyos?

Sinabi ni Cristo, "Ako ang daan, ang katotohanan, at ang buhay. Walang makapupunta (o makalalapit) sa Ama kundi sa pamamagitan ko" (Juan 14:6). Lahat tayo'y nasa ilalim ng hatol ng kamatayan. Nakalulungkot, ngunit totoo. Lahat tayo'y mamamatay at ang Diyos lamang ang nakaaalam. Hindi lamang ito tungkol sa isang paglalakbay, ito ay patungkol sa kung saan at paano natin gugugulin ang walang katapusang buhay pagkatapos ng buhay natin ngayon. Wala ka nang ibang mahahanap na katulad ng Mabuting Balita ni Cristo. Wala sa ibang relihiyon. Wala sa kaninuman, kay Cristo lang. Kaya't kanino mo ipagkakatiwala ang buhay mo? Magsisi na ngayon at magtiwala kay Cristo.

Sa gayon, ang isang Cristiano ay siyang kumikilala na si Jesu-Cristo ang may karapatang mamahala sa kanyang buhay. Kinikilala nila na sila ay mga naghihimagsik laban kay Jesu-Cristo at karapat-dapat na parusahan. Ang isang Cristiano ay naniniwala na si Jesu-Cristo ay namatay sa Krus para sa kanya upang tanggapin ang parusang nararapat para sa kanilang mga

kasalanan. Ang isang Cristiano ay isang taong tumugon sa panawagan ng Diyos na magsisi. Tumalikod sila mula sa paghihimagsik laban kay Jesus at nagpasakop sa kanya. Alam ng taong ito na siya ay pinatawad na. Alam nila na ginawa na silang bago ng Diyos at si Jesus ay naninirahan sa kanilang mga buhay. Alam nila ito dahil nakikita nilang nabago ang kanilang mga hangarin, mga ugali, at mga ginagawa. Ipinagkakatiwala ng taong ito sa Diyos ang kanyang buhay (*Me? A Christian*, p. 7).

Magpapasya ka bang maging isang tunay na Cristiano, ngayon din?